

**SUUNTO SPARTAN SPORT WRIST HR 2.6**  
GABAY SA USER


1. KALIGTASAN.....	5
2. Pagsisimula.....	7
2.1. SuuntoLink.....	7
2.2. Mga update sa software.....	8
2.3. Suunto app.....	8
2.4. Optical heart rate.....	8
2.5. Ang touch screen at mga button.....	9
2.6. Mga Icon.....	10
2.7. Pag-a-adjust ng mga setting.....	12
3. Mga Feature.....	14
3.1. Pagsubaybay sa Aktibidad.....	14
3.1.1. Instant HR.....	15
3.1.2. Pang-araw-araw na HR.....	16
3.2. Airplane mode.....	17
3.3. Altimeter.....	17
3.4. AutoPause.....	17
3.5. Backlight.....	18
3.6. Bluetooth connectivity.....	18
3.7. Button at screen lock.....	19
3.8. Sensor ng bilis ng pagtibok ng puso sa dibdib.....	19
3.9. Compass.....	19
3.9.1. Pagka-calibrate sa compass.....	20
3.9.2. Pagse-set ng deklinasyon.....	20
3.10. Impormasyon ng device.....	21
3.11. Tema ng display.....	21
3.12. Do Not Disturb mode.....	21
3.13. Pakiramdam.....	22
3.14. Maghanap pabalik.....	22
3.15. Ang FusedSpeed.....	23
3.16. GLONASS.....	24
3.17. Katumpakan at pagtitipid ng baterya ng GPS.....	25
3.18. Mga intensity zone.....	26
3.18.1. Mga heart rate zone.....	27
3.18.2. Mga pace zone.....	29
3.18.3. Mga power zone.....	30
3.19. Interval training.....	32
3.20. Wika at unit system.....	33
3.21. Logbook.....	33
3.22. Mga anyo ng buwan.....	33
3.23. Mga Notification.....	34


3.24. Pagpapares ng mga POD at sensor.....	34
3.24.1. Pag-calibrate sa bike POD.....	35
3.24.2. Pag-calibrate sa foot POD.....	35
3.24.3. Pag-calibrate sa power POD.....	36
3.25. Mga point of interest.....	36
3.25.1. Pagdaragdag at pag-delete ng mga POI.....	36
3.25.2. Pag-navigate sa isang POI:.....	37
3.25.3. Mga uri ng POI.....	38
3.26. Mga format ng posisyon.....	40
3.27. Pag-record ng isang ehersisyo.....	40
3.27.1. Paggamit ng mga target kapag nag-eehersisyo.....	42
3.27.2. Pag-navigate habang nag-eehersisyo.....	43
3.27.3. Mga opsyon sa power saving ng sport mode.....	43
3.28. Tagal ng pag-recover.....	44
3.29. Mga Ruta.....	44
3.29.1. Navigation ng altitude.....	46
3.30. Turn-by-turn navigation na pinapagana ng Komoot.....	46
3.31. Pag-track sa pagtulog.....	47
3.32. Mga sport mode.....	48
3.32.1. Paglangoy.....	49
3.33. Mga alarma sa pagsikat at paglubog ng araw.....	49
3.34. Oras at petsa.....	50
3.34.1. Alarm clock.....	50
3.35. Mga Timer.....	51
3.36. Mga tunog at vibration.....	52
3.37. Pangkalahatang-ideya sa pagsasanay.....	53
3.38. Mga mukha ng relo.....	53
4. Pag-iingat at suporta.....	55
4.1. Mga gabay sa pangangalaga.....	55
4.2. Baterya.....	55
4.3. Pagtatapon.....	55
5. Reperensya.....	56
5.1. Mga teknikal na detalye.....	56
5.2. Pagsunod.....	57
5.2.1. CE.....	57
5.2.2. Pagsunod sa FCC.....	57
5.2.3. IC.....	57
5.2.4. NOM-121-SCT1-2009.....	58
5.3. Ang tatak-pangkalakal.....	58
5.4. Abiso sa patent.....	58
5.5. International Limited Warranty.....	58

5.6. Copyright..... 60

# 1. KALIGTASAN

## Mga uri ng mga pag-iingat para sa kaligtasan


 **BABALA:** - ay ginagamit kaugnay ng isang pamamaraan o sitwasyon na maaaring magdulot ng malubhang pinsala o pagkamatay.


 **MAG-INGAT:** - ay ginagamit kaugnay ng isang pamamaraan o sitwasyon na magdudulot ng pinsala sa produkto.


 **PAALALA:** - ay ginagamit upang bigyang-diin ang mahalagang impormasyon.


 **TIP:** - ay ginagamit para sa mga karagdagang tip kung paano gagamitin ang mga feature at function ng device.


## Mga pag-iingat para sa kaligtasan


 **BABALA:** Ilayo ang USB cable sa mga medikal na kagamitan tulad ng mga pacemaker, maging sa mga key card, credit card at katulad na item. Ang USB cable na tagakonekta ng device ay may malakas na magnet na maaaring makasagabal sa paggana ng mga medikal o iba pang elektronikong device at item na may magnetically stored na data.

 **BABALA:** Maaaring magkaroon ng allergic na reaksiyon o iritasyon sa balat kapag nakalapat sa balat ang produkto, kahit na sumusunod ang aming mga produkto sa mga pamantayan ng industriya. Kapag nangyari ito, ihinto kaagad ang paggamit dito at kumonsulta sa doktor.


 **BABALA:** Palaging kumonsulta sa iyong doktor bago magsimula ng programa sa pag-eehersisyo. Maaaring magdulot ng malubhang pinsala ang labis na pagpapagod sa mga aktibidad.

 **BABALA:** Para sa libangang paggamit lang.

 **BABALA:** Huwag lubusang umasa sa GPS o sa buhay ng baterya ng produkto. Palaging gumamit ng mga mapa at iba pang pang-backup na materyal upang matiyak ang iyong kaligtasan.

 **MAG-INGAT:** Huwag pahiran ang produkto ng anumang uri ng solvent dahil maaari nitong mapinsala ang surface nito.

 **MAG-INGAT:** Huwag pahiran ng insect repellent ang produkto dahil maaari nitong mapinsala ang surface nito.

 **MAG-INGAT:** Huwag itatapon ang produkto, sa halip, ituring itong elektronikong basura upang hindi ito makasama sa kapaligiran.

 **MAG-INGAT:** Huwag ihampas o ibagsak ang produkto dahil maaari itong masira.




**PAALALA:** Sa Suunto, gumagamit kami ng mga advanced na sensor at algorithm upang bumuo ng mga sukatang makakatulong sa iyo sa iyong mga aktibidad at pakikipagsapalaran. Nagsusumikap kaming maging tumpak hangga't maaari. Gayunpaman, walang data na nakolekta ng aming mga produkto at serbisyo ang lubusang maaasahan, hindi rin ganap na tumpak ang mga sukatang binubuo ng mga ito. Maaaring hindi tumugma sa realidad ang mga calorie, bilis ng pintig ng puso, lokasyon, pagtukoy ng galaw, pagkilala sa shot, mga indicator ng pisikal na stress at iba pang mga pagsukat. Ang mga produkto at serbisyo ng Suunto ay para lang sa paglilibang at hindi ginawa para sa anumang uri ng mga layuning medikal.

## 2. Pagsisimula

Madali at simple lang ang pagsisimula sa iyong Suunto Spartan Sport Wrist HR sa unang pagkakataon.

1. Pindutin nang matagal ang itaas na button para i-on ang relo.
2. I-tap ang screen para simulan ang pag-setup ng wizard.



3. Piliin ang iyong wika sa pamamagitan ng pag-swipe pataas o pababa at pag-tap sa wika.



4. Sundin ang wizard para kumpletuhin ang mga paunang setting. Mag-swipe pataas o pababa upang pumili ng mga value. I-tap ang screen o pindutin ang middle button para tanggapin ang isang value at pumunta sa susunod na hakbang.

Kapag tapos na ang wizard, i-charge ang relo gamit ang kasamang USB cable hanggang sa puno na ang charge ng baterya.

Kailangan mong i-download at i-install ang SuuntoLink sa iyong PC o Mac upang kumuha ng mga software update para sa iyong relo. Lubusan naming inirerekomenda ang pag-a-update ng iyong relo kapag available na ang bagong release ng software.



**PAALALA:** Ino-optimize din ng SuuntoLink ang performance ng GPS ng iyong relo. Kailangan mong ikonekta ang iyong relo sa SuuntoLink nang regular upang masiguro ang magandang GPS tracking.

### 2.1. SuuntoLink

I-download at i-install ang SuuntoLink sa iyong PC o Mac para i-update ang software ng iyong relo.

Lubusan naming inirerekomenda ang pag-a-update ng iyong relo kapag available na ang bagong release ng software. Kung may available na update, aabisuhan ka sa pamamagitan ng SuuntoLink at gayundin ng Suunto app.

Bumisita sa [www.suunto.com/SuuntoLink](http://www.suunto.com/SuuntoLink) para sa higit pang impormasyon.

Para i-update ang software ng iyong relo:

1. I-plug ang iyong relo sa computer gamit ang kasamang USB cable.
2. Simulan ang SuuntoLink kung hindi pa ito gumagana.
3. I-click ang button na i-update sa SuuntoLink.

## 2.2. Mga update sa software

Ang mga update ng software ay nagbibigay-daan sa mga bagong feature at mahalagang pagpapahusay para sa iyong relo. Lubos naming inirerekomenda ang pag-a-update sa iyong relo sa lalong madaling panahon kapag may available na update.


Kung may available na update, aabisuhan ka sa pamamagitan ng SuuntoLink at Suunto app (kapag nakakonekta ang relo).


Para i-update ang software ng iyong relo:

1. I-plug ang iyong relo sa computer gamit ang kasamang USB cable.
2. Simulan ang SuuntoLink kung hindi pa ito gumagana.
3. I-click ang button na i-update sa SuuntoLink.

## 2.3. Suunto app


Gamit ang Suunto app, mas mapapalawig mo pa ang karanasan mo sa paggamit ng Suunto Spartan Sport Wrist HR. Ipares ang iyong relo sa mobile app para i-sync ang iyong mga aktibidad, kumuha ng mga notification sa mobile, i-customize ang iyong relo, kumuha ng mga insight sa pagsasanay at higit pa.

 **TIP:** Sa anumang ehersisyo na naka-store sa Suunto app, puwede kang magdagdag ng mga larawan pati na gumawa ng mga Relive movie para sa iyong mga sesyon ng pagsasanay.

 **PAALALA:** Hindi ka makakapagpares ng anumang kung naka-on ang airplane mode. Isara ang airplane mode bago ang pagpapares.

Para ipares ang iyong relo sa Suunto app:

1. Tiyaking naka-on ang Bluetooth ng iyong relo. Sa ilalim ng menu ng mga setting, pumunta sa **Connectivity » Discovery** at i-enable ito kung hindi pa ito naka-enable.
2. I-download at i-install ang Suunto app sa iyong compatible na mobile device mula sa iTunes App Store at Google Play bilang karagdagan sa ilang popular na app store sa China.
3. Simulan ang Suunto app at i-on ang Bluetooth kung hindi pa ito naka-on.
4. I-tap ang icon relo sa itaas sa kaliwa ng app screen at pagkatapos ay i-tap ang PAIR para ipares ang iyong relo.
5. I-verify ang pagpapares sa pamamagitan ng pag-type sa code na ipinapakita sa iyong relo sa app.

 **PAALALA:** Nangangailangan ang ilang feature ng koneksyon sa internet sa pamamagitan ng Wi-Fi o mobile network. Maaaring may mga singil para sa koneksyon ng carrier data.

## 2.4. Optical heart rate

Ang optical heart rate na pagsukat mula sa pulso ay isang madali at kumbinyenteng paraan ng pagsubaybay sa bilis ng tibok ng iyong puso. Maaaring makaapekto sa mga resulta para sa pagsukat ng bilis ng tibok ng puso ang mga sumusunod na salik:

- Dapat mong isuot ang relo nang direktang nakalapat sa iyong balat. Wala dapat tela, gaano man kanipis, sa pagitan ng sensor at ng iyong balat



- Maaaring kailanganing isuot ang relo sa iyong braso nang mas mataas kaysa sa kung saan karaniwang isinusuot ang mga relo. Binabasa ng sensor ang daloy ng dugo sa pamamagitan ng tissue. Kung mas marami itong mababasang tissue, mas maganda.
- Maaaring mabago ang katumpakan ng mga reading ng sensor dahil sa mga paggalaw ng braso at pagkilos ng kalamnan, gaya ng paghawak sa isang tennis racket.
- Kapag mabagal ang tibok ng puso mo, maaaring hindi maging stable ang mga reading ng sensor. Makakatulong ang pag-eehersisyo sa loob ng ilang minuto bago ka magsimulang mag-record.
- Humaharang ang kulay ng balat at mga tattoo sa liwanag at humahadlang ang mga ito sa pagkuha ng mga tumpak na reading mula sa optical sensor.
- Maaaring hindi makapagbigay ang optical sensor ng mga tumpak na reading ng bilis ng tibok ng puso para sa mga aktibidad sa paglangoy.
- Para sa higit na katumpakan at mas mabibilis na pagtugon sa mga pagbabago sa bilis ng tibok ng puso mo, inirekomenda naming gumamit ka ng compatible na sensor ng bilis ng tibok ng puso sa dibdib, gaya ng Suunto Smart Sensor.

**⚠️ BABALA:** Maaaring hindi tumpak ang feature na optical heart rate para sa bawat user para sa bawat aktibidad. Maaari ding apektado ang optical heart rate ng naiibang anatomy at kulay ng balat ng indibidwal. Maaaring mas mataas o mas mababa ang aktwal na bilis ng tibok ng puso mo kaysa sa reading ng optical sensor.

**⚠️ BABALA:** Para lang sa paggamit sa paglilibang; hindi para sa medikal na paggamit ang feature na optical heart rate.

**⚠️ BABALA:** Palaging kumonsulta sa doktor bago magsimula ng programa sa pagsasanay. Maaaring magdulot ng malubhang pinsala ang labis-labis na pagpapagod.

**⚠️ BABALA:** Maaaring magkaroon ng allergic na reaksiyon o iritasyon sa balat kapag nakalapat sa balat ang mga produkto, kahit na sumusunod ang aming mga produkto sa mga pamantayan ng industriya. Kapag nangyari ito, ihinto kaagad ang paggamit dito at kumonsulta sa doktor.

## 2.5. Ang touch screen at mga button

Suunto Spartan Sport Wrist HR ay may touch screen at tatlong button na magagamit mo sa pag-navigate sa mga display at feature.

### Mag-swipe at mag-tap

- mag-swipe pataas o pababa para mag-navigate sa loob ng mga display at menu
- mag-swipe pakanan at pakaliwa para magpalipat-lipat sa mga display
- mag-swipe pakaliwa o pakanan para makakita ng mga karagdagang display at detalye
- mag-tap para piliin ang isang item
- i-tap ang display para tumingin ng kahaliling impormasyon
- mag-tap nang matagal para buksan ang in-context na menu ng mga opsyon
- mag-tap nang dalawang beses para bumalik sa display ng oras mula sa ibang display

### Itaas na button

- pindutin para pumunta pataas sa mga view at menu

### Middle button

- pindutin para piliin ang isang item
- pindutin para palitan ang mga display
- pindutin ng matagal para bumalik sa menu ng mga setting
- pindutin nang matagal para buksan ang menu ng mga opsyon na in-context

#### Ibabang button

- pindutin para pumunta pababa sa mga view at menu

## Habang nagre-record ng ehersisyo:

#### Itaas na button

- pindutin para i-pause o ituloy ang pag-record
- pindutin nang matagal para magbago ng aktibidad

#### Middle button













- pindutin para palitan ang mga display
- pindutin nang matagal para makapasok sa menu ng mga opsyon na in-context.

























#### Ibabang button



- pindutin para magtanda ng isang lap
- pindutin nang matagal para i-lock at i-unlock ang mga button

## 2.6. Mga Icon

Suunto Spartan Sport Wrist HR ay gumagamit ng mga sumusunod na icon:

	Airplane mode
	Pagkakaiba sa altitude
	Pag-akyat
	Back; bumalik sa menu
	Button lock
	Cadence
	I-calibrate (Compass)
	Mga Calorie
	Kasalukuyang lokasyon (navigation)
	Pag-charge
	Pagbaba
	Distansya

	Tagal
	EPOC
	Tinanyang VO2
	Ehersisyo
	Pagpalya
	Flat time
	nakakuha ng GPS
	Patungo sa (Nabigasyon)
	Heart rate
	Nakakuha ng signal ng HR sensor
	Nakakuha ng signal ng Chest HR
	Papasok na tawag
	Logbook
	Mababang antas ng baterya
	Mensahe/notipikasyon
	Hindi nasagot na tawag
	Navigation
	Pace
	Nakakuha ng signal ng POD
	Nakakuha ng signal ng Power POD
	Peak training Effect
	Tagal ng pag-recover
	Mga Hakbang
	Stopwatch


	Stroke rate (paglalangoy)
	Tagumpay
	SWOLF
	Pag-sync
	Mga Setting
	Pagsasanay

## 2.7. Pag-a-adjust ng mga setting

Maari mong direktang i-adjust sa relo ang lahat ng setting ng relo.

Upang mag-adjust ng setting:

1. Mag-swipe pababa hanggang sa makita mo ang icon ng mga setting at i-tap ang icon.



2. Mag-scroll papunta sa menu ng mga setting sa pamamagitan ng pag-ii-swipe pataas o pababa o sa pamamagitan ng pagpindot sa button sa itaas o ibaba.





3. Pumili ng setting sa pamamagitan ng pagta-tap sa pangalan ng setting o sa pamamagitan ng pagpindot sa button sa gitna kapag naka-highlight ang setting. Bumalik sa menu sa pamamagitan ng pag-ii-swipe pakanan o pagpili sa **Back** (Bumalik).
4. Para sa mga setting na may hanay ng value, baguhin ang value sa pamamagitan ng pag-ii-swipe pataas o pababa o sa pamamagitan ng pagpindot sa button sa itaas o ibaba.



5. Para sa mga setting na may dalawang value lang, gaya ng pag-on o pag-off, baguhin ang value sa pamamagitan ng pagta-tap sa setting o pagpindot sa button sa gitna.



 **TIP:** Maaari mo ring i-access ang mga pangkalahatang setting mula sa watch face sa pamamagitan ng pagta-tap nang matagal sa screen upang buksan ang menu na in-context.



## 3. Mga Feature

### 3.1. Pagsubaybay sa Aktibidad

Sinusubaybayan ng iyong relo ang iyong pangkalahatang antas ng aktibidad sa buong araw. Isa itong mahalagang salik kung plano mo lang maging fit at malusog o kung nagsasanay ka para sa paparating na kumpetisyon.

Mabuti ang maging aktibo, ngunit kapag nagsasanay nang matindi, kailangan mong magkaroon ng mga wastong araw ng pahinga na may mababang aktibidad.


Ang counter ng aktibidad ay awtomatikong nagre-reset sa hatinggabi araw-araw. Sa katapusan ng linggo (Linggo), ang relos ay nagbibigay ng isang buod ng iyong aktibidad sa pagpapakita ng iyong average para sa linggo at araw-araw na mga kabuuan.

Mula sa harapang display ng relos, mag-swipe pataas o pindutin ang lower button upang makita ang iyong kabuuang hakbang para sa araw.



Binibilang ng iyong relo ang mga hakbang gamit ang isang accelerometer. Ang kabuuang bilang ng hakbang ay naiipon 24/7, habang nagre-record rin ng mga sesyon ng pagsasanay at iba pang gawain. Gayunpaman, sa ilang mga tiyak na sports, tulad ng paglangoy at pagbisikleta, ang mga hakbang ay hindi mabibilang.

Bilang karagdagan sa mga hakbang, maaari mong i-tap ang display upang makita ang tinatayang mga calorie para sa araw.



Ang malaking bilang sa gitna ng display ay ang tinanyang bilang ng mga aktibong calorie na nasunog mo na sa araw na iyon. Sa ibaba nito makikita mo ang kabuuang nasunog na mga calorie. Ang kabuuan ay kinabibilangan ng parehong mga aktibong calorie at ang iyong Basal Metabolic Rate (tingnan sa ibaba).

Ang singsing sa parehong mga display ay nagpapahiwatig kung gaano ka kalapit sa iyong pang araw-araw na mga layunin na aktibidad. Maaaring baguhin ang mga target na ito ayon sa personal mong mga kagustuhan (tingnan sa ibaba).


Maaari mo ring tingnan ang iyong hakbang sa nakalipas na pitong araw sa pamamagitan ng pag-swipe sa kanan. Mag-swipe pakaliwa o pinduting muli ang middle button para makita ang pagkonsumo ng mga calorie.



Mag-swipe pataas para tingnan ang iyong aktibidad sa nakalipas na pitong araw bilang mga numero sa halip na isang graph.

## Mga layunin sa aktibidad

Maaari mong ayusin ang iyong araw-araw na mga layunin para sa mga hakbang at mga calorie. Kapag nasa display ng aktibidad, i-tap at i-hold ang iyong daliri sa screen o panatiliing nakapindot sa middle button upang buksan ang mga setting ng layunin sa aktibidad.



Kapag itinatakda ang iyong mga layuning hakbang, tukuyin mo ang kabuuang bilang ng mga hakbang para sa araw.

Ang kabuuang calories na nasunog mo bawat araw ay base sa dalawang salik: ang iyong Basal Metabolic Rate (BMR) at ang pisikal na aktibidad.




Ang iyong BMR ay ang dami ng mga calorie na masusunog ng iyong katawan habang nagpapahinga. Ito ang mga calorie na kailangan ng iyong katawan para manatiling mainit-init at magsagawa ng mga pangunahing kilos tulad ng pagkikap ng iyong mga mata o pagpintig ng iyong puso. Ang bilang na ito ay batay sa iyong personal na profile, kabilang ang mga salik na tulad ng edad at kasarian.

Kapag magtatakda ka ng layuning calorie, tukuyin mo kung gaano karaming calorie ang nais mong sunugin bilang karagdagan sa iyong BMR. Ito ang tinatawag na iyong mga aktibong calorie. Ang singsing sa palibot ng display ng aktibidad ay umuusad ayon sa kung gaano karaming aktibong calorie ang susunugin mo sa buong araw kumpara sa iyong layunin.

### 3.1.1. Instant HR

Ang display ng instant heart rate (HR) ay nagbibigay ng isang mabilisang snapshot sa bilis ng pagtibok ng iyong puso.

Mula sa watch face view, mag-swipe pataas o pindutin ang lower button para mag-scroll papunta sa display ng HR.



Mag-swipe pababa o pindutin ang pataas na button upang lumabas sa display at bumalik sa watch face view.

### 3.1.2. Pang-araw-araw na HR

Ang pang-araw-araw na HR display ay nagbibigay ng isang 12 oras na view ng iyong heart rate. Isa itong kapaki-pakinabang na mapagkukunan ng impormasyon tungkol sa, halimbawa, pag-recover mo pagkatapos ng isang mabigat na sesyon ng pagsasanay.

Ipinapakita ng display ang iyong heart rate sa loob ng 12 oras bilang isang graph. Na-plot ang graph gamit ang iyong average na heart rate batay sa mga 24 na minutong time slot. Bukod pa rito, sa pamamagitan ng pag-swipe pataas o pagpindot sa lower button, makakakuha ka ng isang pagtatantya ng average na rate ng pagkonsumo mo ng calorie kada oras at ng pinakamabagal na pagtibok ng iyong puso sa loob ng 12 oras.

Ang iyong minimum na heart rate sa nakalipas na 12 oras ay isang magandang pahiwatig ng iyong pag-recover. Kung mas mataas ito kaysa sa karaniwan, malamang ay hindi ka pa ganap na nakaka-recover mula sa huli mong sesyon sa pagsasanay.



Kung magre-record ka ng isang ehersisyo, ipapakita ng mga pang-araw-araw na value ng HR ang pagbilis ng pagtibok ng iyong puso at ang paglakas ng pagkonsumo mo ng calorie mula sa iyong pagsasanay. Ngunit tandaan na mga average lang ang graph at mga rate ng pagkonsumo. Kung aabot sa 200 bpm ang iyong heart rate habang nag-eehersisyo, hindi ipapakita ng graph ang maximum na value, sa halip, ipapakita nito ang average mula sa nakalipas na 24 na minuto kung kailan naabot mo ang nabanggit na pinakamataas na rate.

Para makita mo ang mga value ng display ng pang-araw-araw na HR, kailangan mong i-activate ang feature na pang-araw-araw na HR. Maaari mong i-toggle sa naka-on o naka-off ang feature mula sa mga setting sa ilalim ng **Activity**. Kung nasa display ka ng pang-araw-araw na HR, maaari mo ring i-access ang mga setting ng aktibidad sa pamamagitan ng pagpindot nang matagal sa middle button.

Kapag naka-on ang pang-araw-araw na feature ng HR, regular na ia-activate ng iyong relo ang optical na heart rate sensor para suriin ang bilis ng pagtibok ng iyong puso. Bahagya nitong pinapalakas ang pagkonsumo ng baterya.



Sa oras na ma-activate ito, kailangan ng iyong relo ng 24 na minuto upang maipakita ang impormasyon ng pang-araw-araw na HR.


Para makita ang pang-araw-araw na HR:


1. Mula sa watch face view, mag-swipe pataas o pindutin ang lower button para mag-scroll papunta sa display ng HR.
2. Mag-swipe pakaliwa para pumasok sa display ng pang-araw-araw na HR.
3. Mag-swipe pataas o pindutin ang lower button para makita ang iyong pagkonsumo ng calorie.



## 3.2. Airplane mode

I-activate ang airplane mode kapag kailangan upang i-off ang mga wireless transmission. Maaari mong i-activate o i-deactivate ang airplane mode mula sa mga setting sa ilalim ng **Connectivity** (Connectivity).



 **PAALALA:** Upang mag-pair ng kahit ano sa iyong device, kailangan mo munang i-off ang airplane mode kung naka-on ito.

## 3.3. Altimeter

Suunto Spartan Sport Wrist HR gumagamit ng GPS upang sukatin ang altitude. Sa ilalim ng mga pinakamainam na kalagayan ng signal, dapat na magbigay ang reading ng GPS ng magandang pagtukoy sa taas na iyong kinaroroonan kung maaalis nito ang mga posibleng error na karaniwan sa pagkakalkula ng posisyon ng GPS.

Upang makakuha ng mas tumpak na reading mula sa GPS altitude, na maihalintulad sa makukuha mo sa barometric na altitude, kailangan mo ng mga karagdang pagmumulan ng data gaya ng gyroscope o Dopple radar upang i-adjust ang GPS altitude.

Dahil sa GPS lang umaasa ang Suunto Spartan Sport Wrist HR upang sukatin ang altitude, kung hindi nakatakda ang GPS sa maximum na katumpakan, maaaring magkaroon ng error ang pagfi-filter at maaaring magresulta sa posibleng mga hindi tumpak na reading ng altitude.

Kung kailangan mo ng mahuhusay na reading ng taas na iyong kinaroroonan, tiyaking nakatakda ang katumpakan ng iyong GPS sa **Best** (Pinakamahusay) sa panahon ng pag-record.


Gayunpaman, kahit pa sa pinakamahusay na katumpakan, hindi dapat ituring ang GPS altitude bilang ang ganap na posisyon. Pagtatantya lang ito ng tunay mo taas, at lubhang nakadepende ang katumpakan ng pagtatantyang ito sa mga kundisyon sa paligid.

## 3.4. AutoPause


Patitigilin ng AutoPause ang pag-record ng iyong ehersisyo kapag ang iyong bilis ay mas mababa sa 2 km/h (1.2 mph). Kapag nadagdagan ang iyong bilis at naging mahigit sa 3 km/h (1.9 mph), awtomatikong magpapatuloy ang pag-record.

Maaari mo ring i-on/i-off ang autopause para sa bawat sport mode sa mga setting ng sport mode sa relo bago mo simulan ang iyong pag-record ng ehersisyo.

Kung naka-on ang AutoPause sa panahon ng pag-record, aabisuhan ka ng isang pop-up kapag awtomatikong na-pause ang pag-record.




I-tap ang pop-up na magpatuloy para makita at lumipat sa pagitan ng kasalukuyang distansya, HR, oras, at antas ng baterya.



Maaari mong hayaang awtomatikong magpatuloy ang pag-record kapag sinimulan mong muli ang pagkilos, o mano-mano itong ipagpatuloy mula sa pop-up screen sa pamamagitan ng pagpindot sa itaas na button.


### 3.5. Backlight

May dalawang mode ang backlight: awtomatiko at toggle. Sa awtomatikong mode, iilaw ang backlight sa anumang pagpindot sa screen o pagpindot sa button.

 **PAALALA:** Kapag naging idle ang relo sa loob ng 60 segundo o higit pa, maa-activate lang backlight sa pamamagitan ng pagpindot sa button.

Sa toggle mode, io-on mo ang backlight sa pamamagitan ng pag-tap gamit ang dalawang daliri. Mananatiling naka-on ang backlight hanggang sa muli kang mag-tap gamit ang dalawang daliri.

Bilang default, ang backlight ay nasa awtomatikong mode. Maaari mong baguhin ang backlight mode gayundin ang liwanag ng backlight mula sa mga setting sa ilalim ng **General** (General) » **Backlight** (Backlight).

 **PAALALA:** Nakakaapekto ang liwanag ng backlight sa itatagal ng baterya. Kapag mas maliwanag ang backlight, mas mabilis ang pagkaubos ng baterya.

### Standby na backlight

Kapag hindi mo aktibong ginagamit ang relo sa pamamagitan ng pagpindot sa screen o pagpindot sa mga button, magiging standby ang mode ng relo pagkalipas ng isang minuto. Naka-on ang display, ngunit mas kaunti ang liwanag nito, maaaring hindi madaling mababasa ang screen.

Upang mas makapagbasa sa mas kaunting liwanag, maaari mong gamitin ang standby na backlight. Isa itong backlight na mas kaunti ang liwanag na naka-on sa lahat ng oras.

Maaari mong i-toggle on o off ang standby na backlight mula sa mga setting sa ilalim ng **General** (General) » **Backlight** (Backlight) » **Standby** (Standby).

Kahit na mas kaunti ang liwanag ng standby na backlight, nakababawas ito sa pangkalahatang itatagal ng baterya dahil naka-on ito sa lahat ng oras.

### 3.6. Bluetooth connectivity

Suunto Spartan Sport Wrist HR ay gumagamit ng teknolohiyang Bluetooth para magpadala at tumanggap ng impormasyon mula sa iyong mobile device kapag naipares mo ang iyong relo sa Suunto app. Ginagamit din ang parehong teknolohiya kapag nagpapares ng mga POD at sensor.

Gayunpaman, kung ayaw mong maging visible ang iyong relo sa mga Bluetooth scanner, maaari mong i-activate o i-deactivate ang discovery setting mula sa mga setting sa ilalim ng **CONNECTIVITY » DISCOVERY**.



Maaari ding lubusang i-off ang Bluetooth sa pamamagitan ng pag-activate sa airplane mode, tingnan ang *3.2. Airplane mode*.

### 3.7. Button at screen lock

Habang nagre-record ng isang ehersisyo, maaari mong i-lock ang mga button sa pamamagitan ng pagpindot nang matagal sa lower right button. Kapag naka-lock na, hindi ka makakapagsagawa ng anumang pagkilos na nangangailangan ng pagpindot sa button (paggawa ng mga lap, pag-pause/pagtapos sa ehersisyo, atbp.) pero maaaring i-scroll ang mga view ng display at maaari mong i-on ang backlight sa pamamagitan ng pagpindot sa alinmang button kung nasa automatic mode ang backlight.

Para i-unlock lahat, pinduting muli nang matagal ang lower right button.

Kapag hindi ka nagre-record ng isang ehersisyo, magla-lock at magdidilim ang screen pagkatapos ng isang minuto ng pagiging inactive. Para i-activate ang screen, pindutin ang alinmang button.

Mag-o-off (sleep/blangko) ang screen pagkatapos ng ilang sandali ng pagiging inactive. Mag-o-on muli ang screen dahil sa anumang paggalaw.

### 3.8. Sensor ng bilis ng pagtibok ng puso sa dibdib

Maaari kang gumamit ng isang sensor ng bilis ng pagtibok ng puso na compatible sa Bluetooth® Smart gaya ng Suunto Smart Sensor sa iyong Suunto Spartan Sport Wrist HR upang makakuha ng tumpak na impormasyon tungkol sa tindi ng iyong ehersisyo.

Kung gagamitin mo ang Suunto Smart Sensor, matatandaan din ang bilis ng pagtibok ng iyong puso. Magba-buffer ng data ang function sa memory ng sensor kung maaantala ang koneksyon sa iyong relo, halimbawa, kapag naglalangoy ka (walang transmission sa ilalim ng tubig).

Ibig sabihin pa nito, maaari mong iwanan ang iyong relo pagkatapos magsimula ng isang recording. Para sa higit pang impormasyon, mangyaring sumangguni sa Gabay ng User sa Suunto Smart Sensor.

Sumangguni sa gabay ng user sa Suunto Smart Sensor o iba pang sensor ng bilis ng pagtibok ng puso na compatible sa Bluetooth® Smart para sa karagdagang impormasyon.

Tingnan ang *3.24. Pagpapares ng mga POD at sensor* para sa mga tagubilin sa pagpapares ng isang HR sensor sa iyong relo.

### 3.9. Compass

Ang Suunto Spartan Sport Wrist HR ay may digital na compass na nagbibigay sa iyo ng kakayahang i-orient ang iyong sarili ayon sa magnetic na hilaga. Ang tilt-compensated na

compass ay nagbibigay sa iyo ng mga tumpak na resulta kahit na hindi ganap na nakapahalang ang compass.

Maaari mong puntahan ang compass sa launcher sa ilalim ng **Navigation** (Pag-navigate) » **Compass** (Compass).


Kabilang sa display ng compass ang sumusunod na impormasyon:

- Arrow na nakaturo sa magnetic na hilaga
- Heading na cardinal
- Heading sa degrees
- Oras ng araw (lokal na oras) o level ng baterya; mag-tap sa screen upang magpalit ng mga view



Upang lumabas sa compass, mag-swipe pakanan o pindutin nang matagal ang button sa gitna.

Habang nasa compass display ka, maaari kang mag-swipe pataas mula sa ibaba ng screen o pindutin ang lower button upang buksan ang listahan ng mga shortcut. Nagbibigay sa iyo ang mga shortcut ng mabilisang access papunta sa mga pagkilos sa pag-navigate gaya ng pagtingin sa mga coordinate ng kasalukuyan mong lokasyon o pagpili ng daanan na ina-navigate.



Mag-swipe pababa o pindutin ang upper button upang lumabas sa listahan ng mga shortcut.

### 3.9.1. Pagka-calibrate sa compass

Kung hindi naka-calibrate ang compass, ipo-prompt kang i-calibrate ito kapag pumasok ka sa display ng compass.



Kung gusto mong i-calibrate muli ang compass, maaari mong simulang muli ang pagka-calibrate sa mga setting sa ilalim ng **Navigation** (Navigation) » **Calibrate compass** (I-calibrate ang compass).

### 3.9.2. Pagse-set ng deklinasyon

Upang matiyak ang tamang reading ng compass, mag-set ng tumpak na value ng deklinasyon.

Ang mga mapang papel ay nakaturo sa totoong hilaga. Ang mga compass naman ay nakaturo sa magnetic na hilaga – isang rehiyon sa itaas ng Mundo kung saan humihila ang mga

magnetic field ng Mundo. Dahil wala sa parehong lokasyon ang magnetic na Hilaga at totoong Hilaga, dapat mong i-set ang value ng deklinasyon sa iyong compass. Ang anggulo sa pagitan ng magnetic at totoong hilaga ay ang iyong value ng deklinasyon.

Lumilitaw ang value ng deklinasyon sa karamihan ng mga mapa. Nagbabago taun-taon ang lokasyon ng magnetic na hilaga, kaya ang pinakatumpak at napapanahong value ng declination ay maaaring makita sa mga website gaya ng [www.magnetic-declination.com](http://www.magnetic-declination.com).

Gayunman, ang mga orienteering map ay iginuguhit kaugnay ng magnetic na hilaga. Kung gumagamit ka ng orienteering map, kailangan mong i-off ang pagtatama sa value ng declination sa pamamagitan ng pagtatakda sa value ng declination sa 0 degree.

Maaari mong itakda ang value ng declination sa mga setting sa ilalim ng **Navigation** (Navigation) » **Declination** (Declination).

### 3.10. Impormasyon ng device

Maaari kang tumingin ng mga detalye ng software at hardware ng iyong relo mula sa mga setting sa ilalim ng **General** (Pangkalahatan) » **About** (Tungkol Dito).

### 3.11. Tema ng display

Upang gawing mas nababasa ang screen ng iyong relo habang nag-eehersisyo o nagna-navigate, maaari kang magpalipat-lipat sa maliwanag at madilim na tema.

Sa maliwanag na tema, maliwanag ang background ng display, at madilim ang mga numero.

Sa madilim na tema, baliktad ang contrast, kung saan madilim ang background at maliwanag ang mga numero.

Ang tema ay isang pangkalahatang setting na maaari mong baguhin sa iyong relo mula sa alinman sa mga opsyon mo sa sport mode.

Upang baguhin ang tema ng display sa mga opsyon sa sport mode:


1. Pumunta sa anumang sport mode at mag-swipe pataas, o kaya ay pindutin ang pababang button upang buksan ang mga opsyon sa sport mode.
2. Mag-scroll pababa sa **Theme** (Tema) at pindutin ang gitnang button.
3. Magpalipat-lipat sa Light at Dark sa pamamagitan ng pag-swipe pataas o pababa, o pagpindot sa pataas at pababang button, at tanggapin gamit ang gitnang button.
4. Mag-scroll pabalik sa itaas upang lumabas sa mga opsyon sa sport mode, at simulan ang sport mode (o lumabas dito).

### 3.12. Do Not Disturb mode

Ang Do Not Disturb mode ay isang setting na nagmu-mute sa lahat ng tunog at vibration, at nagpapadilim sa screen, kaya talagang kapaki-pakinabang na opsyon ito kapag halimbawa, suot mo ang relo sa isang teatro o sa anumang kapaligiran kung saan gusto mo pa ring gumana nang normal ang relo, ngunit tahimik.

Para i-on/i-off ang Do Not Disturb mode:

1. Mula sa mukha ng relo, pindutin nang matagal ang button sa gitna para buksan ang menu ng mga shortcut.
2. Mag-swipe pataas o pindutin ang button sa ibaba para mag-scroll pababa sa Do Not Disturb mode.
3. I-tap ang screen o pindutin ang button sa gitana para kumpirmahin ang pinili mo.



Kung may nakatakda kang alarm, normal itong tutunog at madi-disable ang Do Not Disturb mode, maliban na lang kung isu-snooze mo ang alarm.

### 3.13. Pakiramdam


Kung nagsasanay ka ng regular, ang pagsubaybay sa iyong pakiramdam pagkatapos ng bawat sesyon ay isang mahalagang palatandaan ng pangkalahatan mong pisikal na kundisyon.

May limang antas ng pakiramdam na maaaring pagpilian:

- **Poor**
- **Average**
- **Good**
- **Very good**
- **Excellent**

Ang eksaktong kahulugan ng mga opsyong ito ay nakasalalay sa pagpapasya mo. Ang mahalaga ay palagi mong gamitin ang mga ito.

Para sa bawat sesyon ng pagsasanay, maaari mong direktang i-record sa relo ang iyong nararamdaman pagkatapos huminto ang pag-record sa pamamagitan ng pagsagot sa tanong na **'How was it?.'**




Maaari mong laktawan ang pagsagot sa tanong sa pamamagitan ng pagpindot sa middle button.

### 3.14. Maghanap pabalik

Kung gagamit ka ng GPS kapag nagre-record ng isang aktibidad, awtomatikong sine-save ng Suunto Spartan Sport Wrist HR ang panimulang punto ng iyong ehersisyo. Gamit ang Maghanap pabalik, maaari kang direktang gabayan ng Suunto Spartan Sport Wrist HR pabalik sa iyong panimulang punto.

Upang paganahin ang Maghanap pabalik:

1. Simulan ang isang ehersisyo nang may GPS.
2. Mag-swipe pakaliwa o pindutin ang middle button hanggang sa maabot mo ang display ng navigation.
3. Mag-swipe pataas o pindutin ang lower button upang buksan ang menu ng shortcut.
4. Mag-scroll sa Maghanap pabalik at i-tap ang screen o pindutin ang middle button upang pumili.




Ang patnubay sa pag-navigate ay ipapakita bilang huling display sa napiling sport mode.




Upang tingnan ang karagdagang mga detalye tungkol sa iyong kasalukuyang posisyon:

1. Mula sa view ng Maghanap pabalik, mag-swipe pataas o pindutin ang lower button upang buksan ang menu ng shortcut.
2. Piliin ang **Details** (Mga detalye).




3. Mag-swipe pataas o pindutin ang lower button upang makapag-scroll sa buong listahan.




Mag-swipe pakanan o pindutin ang middle button upang lumabas mula sa view ng mga detalye.

### 3.15. Ang FusedSpeed

Ang FusedSpeed™ ay natatanging kombinasyon ng GPS at ng mga reading ng wrist acceleration sensor para sa mas tumpak na pagsukat ng iyong bilis sa pagtakbo. Ang GPS signal ay naaayon na sinasala batay sa wrist acceleration, na nagbibigay ng mas tumpak na reading sa di-nagbabagong bilis ng pagtakbo at mas mabilis na pagtugon sa mga pagbabago sa bilis.



Ang FusedSpeed ay magiging higit na kapaki-pakinabang para sa iyo kung nangangailangan ka ng mabilisang reading sa bilis ng takbo habang nagsasanay, halimbawa, kapag tumatakbo sa hindi patag na lupa o habang sa nasa interval na pagsasanay. Kung pansamantala kang mawalan ng GPS signal, halimbawa, nagagawa ng Suunto Spartan Sport Wrist HR na patuloy na maipakita ang tumpak na reading ng bilis gamit ang accelometer na naka-calibrate sa GPS.



**TIP:** Para makuha ang pinakatumpak na reading gamit ang FusedSpeed, sumulyap lang nang mabilisan sa aparato kung kailangan. Ang paghawak sa relo sa harap mo nang hindi ito ginagalaw ay nakakabawas sa katumpakan.

Ang FusedSpeed ay awtomatikong naka-enable para sa pagtakbo at iba pang katulad na aktibidad, gaya ng orienteering, floor ball at football (soccer).

### 3.16. GLONASS


Ang GLONASS (Global Navigation Satellite System) ay isang alternatibong positioning system sa GPS. Kapag nakabukas ang GLONASS, maaaring i-record ng iyong relos ang isang mas tumpak na pag-track sa ilang mga kundisyon. Lalo na sa mga urban na lugar na may matataas na gusali, maaaring pabutihin ng GLONASS ang katumpakan ng pag-track. Sa ibang mga lugar, karaniwang pinakamahusay na iwanan nakapatay ang GLONASS. Kapag nakabukas ang GLONASS, ang iyong relos ay mas kokonsumo ng baterya.

Upang i-toggle on/off ang GLONASS:

1. Pumili ng isang sport mode na gumagamit ng GPS.
2. Buksan ang menu ng mga opsyon at mag-scroll pababa hanggang sa maabot mo ang GLONASS.



3. Pindutin ang middle button upang i-toggle ang setting sa naka-on o naka-off.

 **PAALALA:** Ang GLONASS setting ay isang pangkalahatang setting. Kapag pinagana mo ito, ang GLONASS ay gagana para sa lahat ng sport mode na may GPS.

### 3.17. Katumpakan at pagtitipid ng baterya ng GPS

Inaalam ng GPS fix rate ang katumpakan ng iyong track - kung mas maikli ang interval sa pagitan ng mga fix, mas magiging tumpak ang track. Nire-record ang bawat GPS fix sa iyong log kapag nagre-record ng ehersisyo.


Direkta ring naapektuhan ng GPS fix rate ang itatagal ng baterya. Kapag binawasan ang katumpakan ng GPS, mas mapapahaba mo ang itatagal ng baterya ng iyong relo.

Ang mga opsyon sa katumpakan ng GPS ay:

- **Best** (Pinakamahusay): ~ 1 segundo na fix rate na gumagamit ng full power
- **Good** (Mahusay): ~ 1 segundo na fix rate na gumagamit ng low power
- **OK** (OK): ~ 60 segundo na fix rate na gumagamit ng full power


Kapag nakatakda ito sa **Best** (Pinakamahusay), gagamitin ng iyong relo ang GPS sa full power sa lahat ng oras. Sa full power mode, maaalis ng GPS ang interference at makukuha nito ang pinakamahusay na fix. Nagreresulta ito sa pinakamahusay na katumpakan sa track, pero ito ang pinakamalakas gumamit ng baterya.

Sa paggamit ng **Good** (Mahusay), maaari ka pa ring makakuha ng GPS fix bawat segundo, pero mas mababa ang katumpakan dahil hindi full power ang mode ng GPS sa lahat ng oras. Sa pagitan ng mga fix, nagiging low power ang mode ng GPS sa loob ng ilang sandali, gaya ng inilalarawan sa ibaba.



Pinahahaba nito ang buhay ng baterya, pero ang ibig sabihin nito, mas kakaunti ang panahon ng GPS na maghanap ng magandang fix at mag-alis ng interference. Kaya magiging hindi kasingtumpak ng **Best** (Pinakamahusay) ang resultang track.

Sa OK, binabawasan ang GPS fix rate sa isang beses bawat minuto. Lubha nitong pinapahaba ang buhay ng baterya, pero nagreresulta naman sa hindi gaanong tumpak na track.



Sa tuwing nagna-navigate ka ng daanan o ng POI, awtomatikong itatakda sa **Best** (Pinakamahusay) ang katumpakan ng GPS.

### 3.18. Mga intensity zone

Tumutulong ang paggamit ng mga intensity zone para sa pag-eehersisyo na gabayan ang pag-usad ng iyong fitness. Binabatak ng bawat intensity zone ang iyong katawan sa iba't ibang paraan, na humahantong sa iba't ibang epekto sa iyong pisikal na fitness. Mayroong limang iba't ibang zone, may bilang na 1 (pinakamababa) hanggang 5 (pinakamataas), na binibigyang-kahulugan bilang mga hanay ng porsyento batay sa iyong maximum heart rate (max HR), sa pace o power.

Mahalagang magsanay nang isinasaisip ang intensity at unawain kung ano ang pakiramdam ng intensity na iyon. At huwag kalimutang dapat kang maglaan ng panahon para mag-warm up bago mag-ehersisyo, anuman ang pinlano mong pagsasanay.

Ang limang iba't ibang intensity zone na ginamit sa Suunto Spartan Sport Wrist HR ay:

#### **Zone 1: Madali**

Ang pag-eehersisyo sa zone 1 ay madali para sa iyong katawan sa relatibong paraan. Kung tungkol sa pagsasanay para sa fitness, nangangahulugan na mahalaga ang intensity na ganito kababa pangunahin na para sa pagsasanay para isauli ang dating antas at pahasayin ang iyong basic fitness kapag nagsisimula ka pa lang mag-ehersisyo, o pagkatapos ng mahabang paghinto. Ehersisyo araw-araw – paglalakad, pag-akyat sa mga hagdan, pagbibisikleta papunta sa trabaho, atbp. – ay kadalasan nang kasama sa intensity zone na ito.

#### **Zone 2: Katamtaman**

Ang pag-eehersisyo sa zone 2 ay epektibong nagpapahusay sa iyong antas ng basic fitness. Madali lang sa pakiramdam ang pag-eehersisyo sa intensity na ito, pero ang mga workout na matagalan ay maaaring magkaroon ng napakalaking epekto. Ang karamihan ng pagsasanay sa cardiovascular na pagkokondisyon ay dapat isagawa sa zone na ito. Nagtatatag ang pagpapahusay sa basic fitness ng pundasyon para sa ibang ehersisyo at inihahanda nito ang iyong sistema para sa higit pang mas nangangailangan ng enerhiya na aktibidad. Ang mga matagalang workout sa zone na ito ay kumokonsumo ng maraming enerhiya, lalo na mula sa nakaimbak na taba ng iyong katawan.

#### **Zone 3: Mahirap**

Ang pag-eehersisyo sa zone 3 ay magsisimulang talagang nangangailangan ng enerhiya at mukhang talagang mahirap. Papahusayin nito ang abilidad mong gumalaw nang mabilis at mas ekonomiko. Sa zone na ito, magsisimulang mabuo ang lactic acid sa iyong sistema, pero kaya pa rin itong lubusang alisin ng iyong katawan. Dapat kang magsanay sa intensity na ito nang hindi hihigit sa dalawang beses bawat linggo, dahil matindi nitong binabatak ang iyong katawan.

#### **Zone 4: Napakahirap**

Ang pag-eehersisyo sa zone 4 ay maghahanda sa iyong sistema para sa mga kumpitasyon na mga uri ng event at mataas na antas ng bilis. Ang mga workout sa zone na ito ay maaaring isagawa alinman sa pare-parehong bilis o bilang interval na pagsasanay (mga kombinasyon ng maiikling yugto ng pagsasanay na may mga paghinto). Pinapahusay ng high-intensity na pagsasanay ang iyong antas ng fitness sa mabilis at epektibong paraan, pero ang pagsasagawa nito nang napakadalas o sa napakataas na intensity ay maaaring humantong sa labis-labis na pagsasanay (overtraining), na maaaring maging dahilan upang huminto ka nang matagal mula sa iyong training program.

## Zone 5: Pinakamataas

Kung ang iyong heart rate kapag nagwo-workout ay umabot sa zone 5, magiging napakahirap sa pakiramdam ng pagsasanay. Magiging mas mabilis nang mabuo ang lactic acid sa iyong sistema kaysa sa kaya nitong alisin, at mapipilitan kang huminto pagkatapos ng hindi hihigit sa ilang labingdalawang minuto. Isinasama ng mga atleta ang mga maximum-intensity workout na ito sa kanilang training program sa napakakontroladong paraan, hindi talaga kailangan ng mga fitness enthusiast ang mga ito.

### 3.18.1. Mga heart rate zone

Ang mga heart rate zone ay binibigyang-kahulugan bilang mga hanay ng porsyento batay sa iyong maximum heart rate (max HR).

Ang iyong max HR ay kinakalkula, bilang default, gamit ang karaniwang equation:  $220 - \text{ang edad mo}$ . Kung alam mo ang iyong eksaktong max HR, dapat mong i-adjust ang default na value nang naayon.

Suunto Spartan Sport Wrist HR ay may mga default at partikular sa aktibidad na HR zone. Ang mga default na zone ay maaaring gamitin para sa lahat ng aktibidad, pero sa mas advanced na pagsasanay, maaari mong gamitin ang mga partikular na HR zone para sa mga aktibidad na pagtakbo at pagbibisikleta.


#### Itakda ang max HR

Itakda ang iyong maximum HR sa mga setting sa ilalim ng **Training » Intensity zones » Default zones**.

1. I-tap ang max HR (pinakamataas na value, bpm) o pindutin ang middle button.
2. Piliin ang bago mong max HR sa pamamagitan ng pag-swipe pataas o pababa o sa pamamagitan ng pagpindot sa upper right o lower right button.




3. I-tap ang napili mo o pindutin ang middle button.
4. Para lumabas sa view ng mga HR zone, mag-swipe pakanan o pindutin nang matagal ang middle button.

 **PAALALA:** Maaari mo ring itakda ang iyong maximum HR mula sa mga setting sa ilalim ng **General » Personal**.

#### Itakda ang default na mga HR zone

Itakda ang iyong default na mga HR zone mula sa mga setting sa ilalim ng **Training » Intensity zones » Default zones**.

1. Mag-scroll pataas/pababa at i-tap o pindutin ang middle button kapag naka-highlight na ang HR zone na gusto mong baguhin.
2. Piliin ang bago mong HR zone sa pamamagitan ng pag-swipe pataas o pababa o sa pamamagitan ng pagpindot sa upper right o lower right button.



3. I-tap ang napili mo o pindutin ang middle button.
4. Upang lumabas sa view ng mga HR zone, mag-swipe pakanan o pindutin nang matagal ang middle button.




**PAALALA:** Ang pagpili sa **Reset** sa view ng mga HR zone ay magre-reset sa mga HR zone sa default na value.

### Itakda ang mga HR zone na partikular sa aktibidad

Itakda ang iyong mga HR zone na partikular sa aktibidad mula sa mga setting sa ilalim ng **Training » Intensity zones » Advanced zones**.

1. I-tap ang aktibidad (pagtakbo o pagbibisikleta) na gusto mong i-edit o pindutin ang middle button kapag naka-highlight na ang aktibidad.
2. Pindutin ang middle button para i-toggle ang mga HR zone sa naka-on.
3. Mag-scroll pataas/pababa at i-tap o pindutin ang middle button kapag naka-highlight na ang HR zone na gusto mong baguhin.
4. Piliin ang bago mong HR zone sa pamamagitan ng pag-swipe pataas o pababa o sa pamamagitan ng pagpindot sa upper right o lower right button.




3. I-tap ang napili mo o pindutin ang middle button.
4. Para lumabas sa view ng mga HR zone, mag-swipe pakanan o pindutin nang matagal ang middle button.

#### 3.18.1.1. Paggamit ng mg HR zone kapag nag-eehersisyo

Kapag nag-record ka ng isang ehersisyo (tingnan ang 3.27. *Pag-record ng isang ehersisyo*), at pinili mo ang heart rate bilang target na intensity (tingnan ang 3.27.1. *Paggamit ng mga target kapag nag-eehersisyo*), ipinapakita ang isang HR zone gauge, na nahahati sa limang seksyon, sa palibot sa dulong gilid ng display ng sport mode (para sa lahat ng sport mode na sumusuporta sa HR). Isinasaad ng panukat kung saang HR zone ka kasalukuyang nagsasanay sa pamamagitan ng pagpapailaw sa katugmang seksyon. Isinasaad ng maliit na arrow sa panukat kung nasaan ka sa loob ng zone range.



Aalertuhan ka ng iyong relo kapag naabot mo na ang pinili mong target zone. Habang nag-eehersisyo ka, sasabihan ka ng relo na bilisan o bagalan ang galaw, kung wala sa piniling target zone ang iyong heart rate.



Isa pa, may nakalaang display para sa mga HR zone sa default na display ng sport mode. Ipinapakita ng zone display ang kasalukuyan mong mga HR zone sa middle field, gaano ka na katagal sa zone na iyon, at gaano ka kalayo sa susunod na mga zone pataas o pababa sa mga tibok bawat minuto. Isinasaad din ng kulay sa background ng bar kung saang HR zone ka nagsasanay.



Sa buod ng ehersisyo, makakakita ka ng detalye tungkol sa kung ilang oras ang ginugol mo sa bawat zone.

### 3.18.2. Mga pace zone

Gumagana ang mga pace zone na gaya ng mga HR zone pero ang intensity ng iyong pagsasanay ay batay sa bilis mo at hindi sa iyong heart rate. Ipinapakita ang mga pace zone bilang metric man o imperial na value depende sa iyong mga setting.


Suunto Spartan Sport Wrist HR ay may limang default na pace zone na maaari mong gamitin o maaari kang magtakda ng sarili mo.

Available ang mga pace zone para sa pagtakbo.

#### Itakda ang mga pace zone

Itakda ang iyong mga pace zone na partikular sa aktibidad mula sa mga setting sa ilalim ng **Training » Intensity zones » Advanced zones**.

1. I-tap ang **Running** o pindutin ang middle button.
2. Mag-swipe o pindutin ang lower button at piliin ang mga power zone.
3. Mag-swipe pataas/pababa o pindutin ang upper o lower button at pindutin ang middle button kapag naka-highlight na ang pace zone na gusto mong baguhin.
4. Piliin ang bago mong pace zone sa pamamagitan ng pag-swipe pataas/pababa o sa pamamagitan ng pagpindot sa upper o lower button.



5. Pindutin ang middle button para piliin ang value ng bagong pace zone.
6. Mag-swipe pakanan o pindutin nang matagal ang middle button para lumabas sa view ng mga pace zone.


#### 3.18.2.1. Paggamit ng mga pace zone kapag nag-ehersisyo

Kapag nag-record ka ng isang ehersisyo (tingnan ang 3.27. *Pag-record ng isang ehersisyo*), at pinili mo ang pace bilang target na intensity (tingnan ang 3.27.1. *Paggamit ng mga target*

kapag nag-eehersisyo) ipinapakita ang isang pace zone gauge, na nahahati sa limang seksyon. Ipinapakita ang limang seksyong ito sa palibot sa dulong gilid ng display ng sport mode. Ipinapakita ng gauge ang pace zone na napili mo bilang target na intensity sa pamamagitan ng pagpapailaw sa kaugnay na seksyon. Isinasaad ng maliit na arrow sa panukat kung nasaan ka sa loob ng zone range.



Aalertuhan ka ng iyong relo kapag naabot mo na ang pinili mong target zone. Habang nag-eehersisyo ka, sasabihan ka ng relo na bilisan o bagalan ang galaw, kung wala sa piniling target zone ang iyong bilis.



Isa pa, may nakalaang display para sa mga pace zone sa default na display ng sport mode. Ipinapakita ng zone display ang kasalukuyan mong pace zone sa middle field, gaano ka na katagal sa zone na iyon, at gaano ka kalayo sa pace sa susunod na mga zone pataas o pababa. lilaw din ang middle bar, na nagpapakitang nagsasanay ka sa tamang pace zone.



Sa buod ng ehersisyo, makakakita ka ng detalye tungkol sa kung ilang oras ang ginugol mo sa bawat zone.

### 3.18.3. Mga power zone

Sinusukat ng power meter ang antas ng pisikal na lakas na kailangan para isagawa ang isang partikular na aktibidad. Sinusukat ang pagsisikap sa watts. Ang pangunahing bentaha mula sa power meter ay ang precision. Inilalahad ng power meter nang eksakto kung gaano talaga katinding pagsisikap ang binuhos mo at ang antas ng power na nagawa mo. Madali ring tingnan ang pagsulong mo kapag sinusuri ang mga watts.

Maaaring makatulong sa iyo ang mga power zone na magsanay gamit ang tamang power output.

Suunto Spartan Sport Wrist HR ay may limang default na power zone na maaari mong gamitin o maaari kang magtakda ng sarili mo.

Available ang mga power zone sa lahat ng default na sport mode para sa pagbibisikleta, indoor na pagbibisikleta at pagbibisikleta sa bundok. Para sa pagtakbo at pagtakbo sa trail, kailangan mong gumamit ng partikular na mga “Power” na sport mode para makakuha ng mga power zone. Kung gumagamit ka ng mga custom na sport mode, siguruhing gumagamit ang iyong mode ng isang power POD upang makakuha ka rin ng mga power zone.

#### **Itakda ang mga partikular sa aktibidad na power zone**

Itakda ang iyong mga power zone na partikular sa aktibidad mula sa mga setting sa ilalim ng **Training » Intensity zones » Advanced zones**.

1. I-tap ang aktibidad (pagtakbo o pagbibisikleta) na gusto mong i-edit o pindutin ang button sa gitna kapag naka-highlight na ang aktibidad.
2. Mag-swipe pataas o pindutin ang button sa ibaba at piliin ang mga power zone.
3. Mag-swipe pataas/pababa o pindutin ang button sa kanang bahagi sa itaas o kanang bahagi sa ibaba at piliin ang power zone na gusto mong i-edit.
4. Piliin ang bago mong power zone sa pamamagitan ng pag-swipe pataas/pababa o sa pamamagitan ng pagpindot sa upper o lower button.



5. Pindutin ang middle button para piliin ang bagong power value.
6. Mag-swipe pakanan o pindutin nang matagal ang button sa gitna para lumabas sa view ng mga power zone.


### 3.18.3.1. Paggamit sa mga power zone kapag nag-eehersisyo

Kailangan mong maipares ang isang power pod sa iyong relo para makagamit ng mga power zone kapag nag-eehersisyo, tingnan ang 3.24. *Pagpares sa mga POD at sensor*.

Kapag nag-record ka ng isang ehersisyo (tingnan ang 3.27. *Pag-record ng isang ehersisyo*), at pinili mo ang pace bilang target na intensity (tingnan ang 3.27.1. *Paggamit ng mga target kapag nag-eehersisyo*) ipinapakita ang isang power zone gauge, na nahahati sa limang seksyon. Ipinapakita ang limang seksyong ito sa palibot sa dulong gilid ng display ng sport mode. Ipinapakita ng gauge ang power zone na napili mo bilang target na intensity sa pamamagitan ng pagpapailaw sa kaugnay na seksyon. Isinasaad ng maliit na arrow sa panukat kung nasaan ka sa loob ng zone range.



Aalertuhan ka ng iyong relo kapag naabot mo na ang pinili mong target zone. Habang nag-eehersisyo ka, sasabihan ka ng relo na bilisan o bagalan ang galaw, kung wala sa piniling target zone ang iyong power.



Bilang karagdagan, may nakalaang display para sa mga power zone sa default na display ng sport mode. Ipinapakita ng zone display ang kasalukuyan mong power zone sa middle field, gaano ka na katagal sa zone na iyon, at gaano ka kalayo sa power sa susunod na mga zone pataas o pababa. lilaw din ang middle bar, na nagpapakitang nagsasanay ka sa tamang pace zone.



Sa buod ng ehersisyo, makakakita ka ng detalye tungkol sa kung ilang oras ang ginugol mo sa bawat zone.

### 3.19. Interval training

Ang mga interval na ehersisyo ay isang karaniwang anyo ng pagsasanay na binubuo ng paulit-ulit na mga set ng mga high at low intensity na pagsisikap. Sa Suunto Spartan Sport Wrist HR, maaari mong tukuyin sa relo ang iyong sariling interval training para sa bawat sport mode.

Kapag tinutukoy ang iyong mga interval, mayroon kang apat na item na ise-set:

- Mga interval: on/off na toggle na magpapagana sa interval training. Kapag na-toggle on mo ito, idadagdag sa iyong sport mode ang isang display ng interval training.
- Mga pag-uulit: ang bilang ng interval + mga set ng pahinga na gusto mong gawin.
- Interval: ang haba ng iyong high intensity na interval, batay sa distansya o tagal.
- Pahinga: ang haba ng iyong pahinga sa pagitan ng mga interval, batay sa distansya o tagal.


Isaisip na kung gagamitin mo ang distansya upang tukuyin ang iyong mga interval, kailangan ay nasa isa kang sport mode na sumusukat ng distansya. Ang pagsukat ay maaaring batay sa GPS, o mula sa isang foot o bike POD, halimbawa.



**PAALALA:** Kung gumagamit ka ng mga interval, hindi mo maaaring i-activate ang navigation.

Upang magsanay gamit ang mga interval:

1. Bago mo simulan ang isang pag-record ng ehersisyo, mag-swipe pababa o pindutin ang lower button upang buksan ang mga opsyon sa sport mode.
2. Mag-scroll pababa sa **Intervals** (Mga interval) at i-tap ang setting o pindutin ang middle button.
3. I-toggle on ang mga interval at ayusin ang mga setting na inilarawan sa itaas.




4. Mag-scroll pabalik hanggang sa start view at simulan ang iyong ehersisyo bilang normal.
5. Mag-swipe pakaliwa o pindutin ang middle button hanggang sa maabot mo ang display ng mga interval at pindutin ang upper button kapag handa ka nang simulan ang iyong interval training.





6. Kung nais mong itigil ang interval training bago mo makumpleto ang lahat ng iyong mga pag-uulit, panatilihin nakapindot ang middle button upang buksan ang mga opsyon ng sport mode at i-toggle off **Intervals** (Mga interval).

 **PAALALA:** Habang ikaw ay nasa display ng mga interval, gagana nang normal ang mga button, halimbawa, ipo-pause ng pagpindot sa upper button ang pag-record ng ehersisyo, hindi lang ang interval training.

Pagkatapos mong ihinto ang iyong pag-record ng ehersisyo, ang interval training ay awtomatikong mai-toggle off para sa sport mode na iyan. Gayunpaman, ang iba pang mga setting ay mananatili para maaari mong madaling simulan ang parehong pag-eehersisyo sa susunod na gagamitin mo ang sport mode.

## 3.20. Wika at unit system


Maaari mong palitan ang wika at unit system ng iyong relo mula sa mga setting sa ilalim ng **General** (Pangkalahatan) » **Language** (Wika).


## 3.21. Logbook

Maaari mong puntahan ang logbook mula sa launcher o sa pamamagitan ng pagsu-swipe pakanan kapag nasa display ng insight sa pagsasanay.



Mag-tap sa log entry na gusto mong tingnan at mag-scroll papunta sa log sa pamamagitan ng pag-ii-swipe pataas o pababa o sa pamamagitan ng pagpindot sa upper right o lower right button.



 **PAALALA:** Mananatiling kulay gray ang icon ng log hanggang sa ma-sync ang ehersisyo sa Suunto app.

Upang lumabas sa log, mag-swipe pakanan o pindutin nang matagal ang button sa gitna. Pwede ring mag-double-tap na lang sa screen upang bumalik sa watch face.

## 3.22. Mga anyo ng buwan

Dagdag sa mga oras ng pagsikat at paglubog ng araw, masusundan ng relos mo ang mga anyo ng buwan. Nakabatay ang anyo ng buwan sa petsa na nai-set mo sa relos mo.

Magagamit ang anyo ng buwan bilang view sa outdoor style na mukha ng relos. Mag-tap sa screen para baguhin ang ibabang hanay hanggang sa makita mo ang moon icon at percentage.



Ipinapakita ang mga anyo bilang icon na may percentage gaya ng sumusunod:




### 3.23. Mga Notification

Kung naipares mo na ang iyong relo sa Suunto app, puwede kang makatanggap ng mga notification gaya ng mga paparating na tawag at mensaheng text sa iyong relo.

Kapag naipares mo sa app ang iyong relo, naka-on ang mga notification bilang default. Maaari mong i-off ang mga ito mula sa mga setting sa ilalim ng Notifications.

Kapag dumating ang isang notification, may isang pop-up na lalabas sa watch face.



Kung hindi kasya ang mensahe sa screen, mag-swipe pataas upang i-scroll ang buong text.

#### History ng notification

Kung mayroon kang mga hindi nababasang notification o hindi nasagot na mga tawag sa iyong mobile device, maaari mong tingnan ang mga iyon sa iyong relo.

Mula sa watch face, pindutin ang middle button at pagkatapos ay pindutin ang lower button para mag-scroll papunta sa history ng notification.


Maki-clear ang notification history kapag tiningnan mo ang mga mensahe sa iyong mobile device.

### 3.24. Pagpapares ng mga POD at sensor

I pares ang iyong relas sa mga Bluetooth Smart POD at sensor upang mangolekta ng karagdagang impormasyon, tulad ng lakas sa pagbibisikleta, kapag nagre-record ng isang ehersisyo.

Sinusuportahan ng Suunto Spartan Sport Wrist HR ang mga sumusunod na uri ng mga POD at sensor:

- Bilis ng tibok ng puso
- Bisikleta
- Lakas
- Paa


 **PAALALA:** *Hindi ka maaaring magpares ng kahit ano kung naka-on ang airplane mode. I-off ang airplane mode bago ang pagpapares. Tingnan ang 3.2. Airplane mode.*

Upang ipares ang isang POD o sensor:

1. Pumunta sa mga setting ng iyong relos at piliin ang **Connectivity** (Connectivity).
2. Piliin ang **Pair sensor** (Sensor ng pagpapares) upang makuha ang listahan ng mga uri ng sensor.
3. Mag-swipe pababa upang makita ang buong listahan at i-tap ang uri ng sensor na nais mong ipares.



4. Sundin ang mga tagubilin sa relo upang tapusin ang pagpe-pair (basahin ang manual ng sensor o sa POD kung kailangan), na pinipindot ang middle button upang magpatuloy sa susunod na hakbang.



Kung kinakailangan ng POD ang mga setting, gaya ng crank length para sa power POD, iprompt ka na maglagay ng value sa panahon ng proseso ng pag-pair.

Kapag na-pair na ang POD o sensor, hahanapin ito ng iyong relo agad-agad pagkapili mo sa sport mode na gumagamit sa uri ng sensor na iyon.

Maaari mong makita ang buong listahan ng mga nakapares na device sa iyong relos mula sa mga setting sa ilalim ng **Connectivity** (Connectivity) » **Paired devices** (Mga nakapares na device).

Mula sa listahang ito, maaari mong alisin (alisin sa pagkakapares) ang device kung kinakailangan. Piliin ang device na gusto mong alisin, at i-tap ang **Forget** (Kalimutan).

### 3.24.1. Pag-calibrate sa bike POD

Para sa mga bike POD, kailangan mong itakda circumference ng gulong sa iyong relo. Dapat na nasa mga milimetro ang circumference at dapat itong isagawa bilang isang hakbang sa pag-calibrate. Kung papalitan mo ang mga gulong (ng bagong circumference) ng iyong bike, dapat ding palitan ang setting ng circumference ng gulong sa relo.

Para palitan ang circumference ng gulong:

1. Sa mga setting, pumunta sa **Connectivity** » **Paired devices**.
2. Piliin ang **Bike POD**.
3. Piliin ang bagong circumference ng gulong.

### 3.24.2. Pag-calibrate sa foot POD

Kapag nag-pair ka ng isang foot POD, awtomatikong kina-calibrate ng relos mo ang POD gamit ang GPS. Inirerekomenda namin ang paggamit ng awtomatikong pag-calibrate, ngunit maaari mo itong i-disable kung kailangan sa mg setting ng POD sa ilalim ng **Connectivity** (Connectivity) » **Paired devices** (Paired sensors).

Para sa unang pag-calibrate sa GPS, dapat kang pumili ng isang sport mode kung saan ginagamit ang foot POD at ang katumpakan ng GPS ay naka-set sa **Best** (Pinakamahusay). Simulan ang pag-record at tumakbo sa iisang bilis sa patag na lugar, kung posible, sa loob ng kahit 15 minuto lang.

Tumakbo sa normal na katamtaman mong bilis para sa inisyal na pag-calibrate, at pagkatapos ay ihinto ang pag-record ng ehersisyo. Handa na ang calibration sa susunod na beses na gagamitin mo ang foot POD.

Awtomatikong muling kina-calibrate ang foot POD kung kinakailangan sa tuwing available ang GPS speed.

### 3.24.3. Pag-calibrate sa power POD

Para sa mga power POD (mga power meter), kailangan mong simulan ang pag-calibrate mula sa mga opsyon sa sport mode sa iyong relo.

Upang i-calibrate ang isang power POD:

1. I-pair ang isang power POD sa relos mo kung hindi mo pa ito nagagawa.
2. Pumili ng isang sport mode na gumagamit ng power POD at pagkatapos ay buksan ang mga opsyon ng mode.
3. Piliin ang **Calibrate power POD** at sundin ang mga tagubilin sa relos.

Dapat mong muling i-calibrate ang power POD paminsan-minsan.

## 3.25. Mga point of interest

Ang isang point of interest, o POI, ay isang espesyal na lokasyon, gaya ng lugar na maganda para sa pag-camping o magandang tanawin sa isang mahabang trail, maaari mo itong i-save at i-navigate sa ibang pagkakataon. Puwede kang gumawa ng mga POI sa Suunto app mula sa isang mapa at hindi kailangang nasa lokasyong POI. Ginagawa ang isang POI sa iyong relo sa pamamagitan ng pag-save sa kasalukuyan mong lokasyon.

Tinutukoy ang POI sa pamamagitan ng:

- Pangalan ng POI
- Uri ng POI
- Petsa at oras kung kailan ginawa
- Latitude
- Longitude
- Elevation

Maaari kang mag-store sa iyong relo nang hanggang 250 POI.

### 3.25.1. Pagdaragdag at pag-delete ng mga POI

Maaari kang magdagdag ng POI sa iyong relo gamit ang Suunto app o sa pamamagitan ng pag-save sa kasalukuyan mong lokasyon sa relo.

Kung nasa labas ka gamit ang iyong relo at nakakita ka ng isang lugar na gusto mong i-save bilang isang POI, maaari mong direktang idagdag ang lokasyon sa iyong relo.

Para magdagdag ng POI gamit ang iyong relo:

1. Mag-swipe pababa o pindutin ang itaas na button para buksan ang launcher.
2. Mag-scroll papunta sa **Navigation** at mag-tap sa icon o pindutin ang middle button.

3. Mag-swipe pataas o pindutin ang lower button para mag-scroll pababa sa **Your location** at pindutin ang middle button.
4. Hintaying ma-activate ng relo ang GPS at hanapin ang iyong lokasyon.
5. Kapag ipinapakita ng relo ang iyong latitude at longitude, pindutin ang upper button para i-save ang iyong lokasyon bilang POI at piliin ang uri ng POI.
6. Bilang default, pareho ang pangalan ng POI sa uri ng POI (na may tumatakpong numero kasunod nito). Puwede mong i-edit ang pangalan sa ibang pagkakataon sa Suunto app.

## Pag-delete ng mga POI

Puwede kang mag-alis ng POI sa pamamagitan ng pag-delete sa POI mula sa listahan ng POI sa relo o pag-aalis dito sa Suunto app.

Para mag-delete ng POI sa iyong relo:

1. Mag-swipe pababa o pindutin ang itaas na button para buksan ang launcher.
2. Mag-scroll papunta sa **Navigation** at mag-tap sa icon o pindutin ang middle button.
3. Mag-swipe pataas o pindutin ang lower button para mag-scroll pababa sa **POIs** at pindutin ang middle button.
4. Mag-scroll papunta sa POI na gusto mong alisin sa relo at pagkatapos ay pindutin ang middle button.
5. Mag-scroll hanggang sa huling detalye at piliin ang **Delete**.

Kapag nag-delete ka ng isang POI sa iyong relo, hindi permanenteng made-delete ang POI.

Para tuluyang i-delete ang isang POI, kailangan mong i-delete ang POI sa Suunto app.

### 3.25.2. Pag-navigate sa isang POI:

Maaari kang mag-navigate sa alinmang POI na nasa listahan ng POI sa iyong relo.

 **PAALALA:** Kapag nagna-navigate sa isang POI, gumagamit ang iyong relo ng full power na GPS.

Para pumunta sa isang POI:

1. Mag-swipe pababa o pindutin ang itaas na button para buksan ang launcher.
2. Mag-scroll papuntang **Navigation (Navigation)** at mag-tap sa icon o pindutin ang gitnang button.
3. Mag-scroll papuntang POIs at pindutin ang gitnang button para buksan ang lista mo ng mga POI.
4. Mag-scroll papunta sa POI na gusto mong i-navigate at pindutin ang gitnang button.
5. Pindutin ang itaas na button para simulan ang pag-navigate.
6. Muling pindutin ang itaas na button anumang oras para ihinto ang pag-navigate.

May dalawang view ang POI navigation:


- POI view na may indicator ng direksyon at distansya papunta sa POI



- map view na nagpapakita sa kasalukuyan mong lokasyon batay sa POI at ang tinahak mo na (ang landas na nilakbay mo)



Mag-swipe pakaliwa o pakanan, o pindutin ang middle button, upang magpalipat-lipat sa mga view.











 **TIP:** Habang nasa POI view, mag-tap sa screen para makita ang dagdag na impormasyon sa ibabang hanay gaya ng kaibahan ng altitude sa pagitan ng kasalukuyang posisyon at POI at ang tinatayang oras ng pagdating (estimated time of arrival, ETA) o en route (ETE).
















Sa map view, ipinapakita ang ibang mga POI sa malapit nang kulay abo. Mag-tap sa screen upang magpalipat-lipat sa overview map at sa mas detalyadong view. Sa detalyadong view, maia-adjust mo ang zoom level sa pamamagitan ng pagpindot sa middle button at pagkatapos ay pag-zoom palapit at palayo gamit ang upper at lower na mga button.

Habang nagna-navigate, maaari kang mag-swipe pataas mula sa ibaba ng screen o pindutin ang lower button upang buksan ang listahan ng mga shortcut. Nagbibigay sa iyo ang mga shortcut ng mabilisang access papunta sa mga detalye ng POI at mga aksiyon gaya ng pag-save sa kasalukuyan mong lokasyon o pagpili ng iba pang POI na ina-navigate, pati na ang pagwakas sa pag-navigate.

### 3.25.3. Mga uri ng POI

Available ang mga sumusunod na uri ng POI sa Suunto Spartan Sport Wrist HR:

	pangkalahatang punto ng interes
	Bedding (hayop, para sa pangangaso)
	Simula (umpisa ng isang ruta o trail)
	Malaking laro (hayop, para sa pangangaso)
	Ibon (hayop, para sa pangangaso)
	Gusali, tahanan
	Cafe, pagkain, restaurant
	Kampo, camping
	Sasakyan, paradahan
	Kuweba

	Talampas, burol, bundok, lambak
	Baybayin, lawa, ilog, tubig
	Crossroad
	Emergency
	Wakas (dulo ng isang ruta o trail)
	Isda, lugar ng pangangisda
	Gubat
	Geocache
	Hostel, hotel, panuluyan
	Impormasyon
	Kaparangan
	Ituktok
	Mga print (bakas ng hayop, para sa pangangaso)
	Kalsada
	Bato
	Kuskusin (marka ng hayop, para sa pangangaso)
	Kudkurin (marka ng hayop, para sa pangangaso)
	Barilin (para sa pangangaso)
	Paningin
	Maliit na laro (hayop, para sa pangangaso)
	Pagtayo (para sa pangangaso)
	Trail
	Trail cam (para sa pangangaso)
	Talon

## 3.26. Mga format ng posisyon

Ang format ng posisyon ay ang paraan ng pagpapakita sa posisyon ng iyong GPS sa relo. Nauugnay ang lahat ng format sa iisang lokasyon, at nag-iiba lang ang pagpapahayag sa mga ito.

Maaari mong baguhin ang format ng posisyon sa mga setting ng relo sa ilalim ng **Navigation** (Navigation) » **Position format** (Format ng posisyon).

Ang latitud/longhitud ay ang grid na pinakamadalas gamitin, na may tatlong magkakaibang format:

- WGS84 Hd.d°
- WGS84 Hd°m.m'
- WGS84 Hd°m's.s

Kasama sa iba pang available na pangkaraniwang format ng posisyon ang sumusunod:

- Ang UTM (Universal Transverse Mercator) ay may two-dimensional na pahalang na presentation.
- Ang MGRS (Military Grid Reference System) ay isang extension ng UTM, at binubuo ng isang grid zone designator, 100,000 metrong square identifier, at isang numerical na lokasyon.

Suunto Spartan Sport Wrist HR sinusupportahan din ang mga sumusunod na lokal na format ng posisyon:

- BNG (British)
- ETRS-TM35FIN (Finnish)
- KKJ (Finnish)
- IG (Irish)
- RT90 (Swedish)
- SWEREF 99 TM (Swedish)
- CH1903 (Swiss)
- UTM NAD27 (Alaska)
- UTM NAD27 Conus
- UTM NAD83
- NZTM2000 (New Zealand)



**PAALALA:** *Hindi maaaring gamitin ang ilang format ng posisyon sa mga lugar sa hilaga ng 84° at timog ng 80°, o sa labas ng mga bansa kung saan nakalaan ang mga ito. Kung wala ka sa pinapayagang lugar, hindi maipapakita ang mga coordinate ng iyong lokasyon sa relo.*

## 3.27. Pag-record ng isang ehersisyo

Bilang karagdagan sa 24/7 na pagsubaybay sa aktibidad, maaari mong gamitin ang iyong relo upang i-record ang iyong mga sesyon sa pagsasanay o iba pang mga aktibidad upang kumuha ng detalyadong feedback at sundan ang iyong pagsulong.

Para mag-record ng ehersisyo:

1. Isuot ang sensor ng heart rate (opsyonal).
2. Mag-swipe pababa o pindutin ang itaas na button para buksan ang launcher.




3. I-tap ang exercise icon o pindutin ang middle button.



4. Mag-swipe ng pataas o pababa upang mag-scroll sa mga sport mode at mag-tap sa isa na gusto mong gamitin. O kaya, mag-scroll gamit ang upper at lower button at pumili gamit ang middle button.
5. Sa itaas ng start indicator, may lalabas na hanay ng mga icon, depende sa ginagamit mo sa sport mode (gaya ng heart rate at nakakonektang GPS). Magfa-flash ang arrow icon (nakakonektang GPS) na kulay gray habang naghahanap at magiging berde kapag nakakita na ng signal. Magfa-flash ang icon na puso (heart rate) nang gray habang naghahanap, at kapag nakasagap na ng signal, magiging may kulay na puso ito na nakakabit sa isang belt kung heart rate sensor ang gamit mo. Kung optical na heart rate sensor ang gamit mo, magiging may kulay na puso ito na walang belt.

Kung gumagamit ka ng heart rate sensor pero naging berde ang icon, tingnan kung nakapares ang heart rate sensor, tingnan ang 3.24. *Pagpares ng mga POD at sensor*, at piliing muli ang sport mode.

Maaari mong hintaying maging berde o pula ang bawat icon o magsimulang mag-record agad kung gusto mo sa pamamagitan ng pagpindot sa middle button.




Kapag nagsimula na ang pag-record, mala-lock ang napiling pinanggagalingan ng heart rate at hindi na mababago habang isinasagawa ang session ng pagsasanay.

6. Habang nagre-record, maaari mong pagpalit-palitin ang mga display gamit ang middle button o sa pamamagitan ng paggamit sa touch screen kung naka-enable ito.
7. Pindutin ang upper button upang i-pause ang pagre-record. Ihinto at i-save gamit ang ibabang button o ipagpatuloy gamit ang itaas na button.




Kung may mga opsyon ang sport mode na pinili mo, gaya ng pagtatakda ng target na tagal, maaari mong i-adjust ang mga iyon bago simulan ang pag-record sa pamamagitan ng pag-swipe pataas o pagpindot sa lower button. Maaari mo ring i-adjust ang mga opsyon sa sport mode habang nagre-record sa pamamagitan ng pagpindot nang matagal sa middle button.

 **TIP:** Habang nagre-record, maaari kang mag-tap sa screen upang palabasin ang pop-up na nagpapakita ng kasalukuyang oras at level ng baterya.

Kung gumagamit ka naman ng multisport mode, magpalit ng mga sports sa pamamagitan ng pagpindot nang matagal sa upper button.

Pagkatapos mong ihinto ang pag-record, tatanungin ka kung ano ang nararamdaman mo. Maaari kang sumagot o laktawan ang tanong. (Tingnan ang *Pakiramdam*) Pagkatapos, makakakuha ka ng buod ng aktibidad na maaari mong i-browse sa pamamagitan ng touch screen o mga button.

Kung may nai-record ka na ayaw mong i-save, maaari mong i-delete ang log entry sa pamamagitan ng pag-scroll sa ibaba ng buod at pag-tap sa delete button. Maaari mo ring i-delete ang mga log sa parehong paraan mula sa logbook.



### 3.27.1. Paggamit ng mga target kapag nag-eehersisyo

Posibleng magtakda ng iba't ibang target gamit ang iyong Suunto Spartan Sport Wrist HR kapag nag-eehersisyo.

Kung may opsyon na mga target ang sport mode na pinili mo, maaari mong i-adjust ang mga iyon bago simulan ang pag-record sa pamamagitan ng pag-swipe pataas o pagpindot sa lower button.



Para mag-ehersisyo nang may pangkalahatang target:

1. Bago mo simulan ang isang pag-record ng ehersisyo, mag-swipe pataas o pindutin ang lower button para buksan ang mga opsyon sa sport mode.
2. I-tap ang **Target** o pindutin ang middle button.
3. Piliin ang **Duration** o **Distance**.
4. Pumili ng iyong target.
5. Mag-swipe pakanan para bumalik sa mga opsyon ng sport mode.

Kapag na-activate mo ang mga pangkalahatang target, ipapakita ang isang target gauge sa lahat ng display ng data na nagpapakita ng iyong pagsulong.



Makakatanggap ka rin ng notification kapag naabot mo ang 50% ng iyong target at kapag nagawa mo na ang pinili mong target.

Para mag-ehersisyo nang may target na intensity:

1. Bago mo simulan ang isang pag-record ng ehersisyo, mag-swipe pataas o pindutin ang lower button para buksan ang mga opsyon sa sport mode.
2. I-toggle sa naka-on ang **Intensity zones**.
3. Piliin ang **HR zones**, **Pace zones** o **Power zones**.

(Depende ang mga opsyon sa piniling sport mode at kung may nakapares kang power pod sa relo).

4. Piliin ang iyong target na zone.
5. Mag-swipe pakanan para bumalik sa mga opsyon ng sport mode.

### 3.27.2. Pag-navigate habang nag-eehersisyo

Maaari kang mag-navigate sa isang ruta o POI habang nagre-record ng isang ehersisyo.

Kailangang i-enable ang GPS sa ginagamit mong sport mode para ma-access mo ang mga opsyon sa pag-navigate. Kung OK o Tumpak ang katumpakan ng GPS sa sport mode, kapag pumili ka ng ruta o POI, mapapalitan ang katumpakan ng GPS at magiging Napakatumpak.

Para mag-navigate habang nag-eehersisyo:

1. Gumawa ng isang ruta o POI sa Suunto app at i-sync ang iyong relo kung hindi mo pa ito nagagawa.
2. Pumili ng sport mode na gumagamit ng GPS at mag-swipe pataas o pindutin ang lower button para buksan ang mga opsyon. O kaya naman, simulan mo muna ang iyong pag-record, at saka pindutin ang middle button nang matagal para buksan ang mga opsyon ng sport mode.
3. Mag-scroll papunta sa **Navigation** at i-tap ang icon o pindutin ang middle button.
4. Mag-swipe pataas at pababa o pindutin ang upper at lower button para pumili ng opsyon sa pag-navigate at pindutin ang middle button.
5. Piliin ang ruta o ang POI na gusto mong i-navigate at pagkatapos ay pindutin ang middle button. Pagkatapos ay pindutin ang upper button para simulan ang pag-navigate.

Kung hindi mo pa sinisimulan ang pag-record ng ehersisyo, dadalhin ka ng huling hakbang pabalik sa mga opsyon ng sport mode. Mag-scroll pataas papuntang start view at simulan ang iyong pag-record gaya ng palagi mong ginagawa.

Habang nag-eehersisyo, mag-swipe pakanan o pindutin ang gitnang button upang mag-scroll papunta sa display ng navigation kung saan makikita mo ang pinili mong ruta o POI. Para sa higit pang impormasyon tungkol sa navigation display, tingnan ang *3.25.2. Pag-navigate sa isang POI*: at *3.29. Mga Ruta*.

Habang nasa display na ito, maaari kang mag-swipe pataas o maaari mong pindutin ang lower button para buksan ang iyong mga opsyon sa pag-navigate. Mula sa mga opsyon sa pag-navigate, magagawa mong, halimbawa, pumili ng ibang ruta o POI, tingnan ang mga coordinate ng kasalukuyan mong lokasyon, at tapusin ang pag-navigate sa pamamagitan ng pagpili sa **Breadcrumb**.

### 3.27.3. Mga opsyon sa power saving ng sport mode


Upang mapahaba ang buhay ng baterya habang gumagamit ng mga sport mode na may GPS, ayusin ang katumpakan ng GPS (tingnan ang *3.17. Katumpakan at pagtitipid ng baterya ng GPS*). Upang mapahaba pa ang buhay ng baterya, maaari mong ayusin ang paggamit sa mga sumusunod na opsyon sa power saving:

- Kulay ng display: bilang default, ginagamit ng display ang lahat ng available na kulay. Kapag na-enable mo ang opsyong Low color, gagamit ang display ng mas kaunting kulay, kaya mababawasan ang kailangang baterya.
- Timeout ng display: madalas ay naka-on ang display kapag nag-eehersisyo ka. Kapag binuksan mo ang timeout ng display, mao-off ang display pagkalipas ng 10 segundo

upang makatipid sa baterya. Pumindot ng kahit anong button upang muling i-on ang display.

Upang i-activate ang mga opsyon sa power saving:

1. Bago mo simulang i-record ang isang ehersisyo, mag-swipe pataas o pindutin ang pababang button upang buksan ang mga opsyon sa sport mode.
2. Mag-scroll pababa sa **Power saving** (Power saving) at i-tap ang setting o pindutin ang gitnang button.
3. Ayusin ang mga opsyon sa power saving ayon sa iyong kagustuhan, at mag-swipe pakanan o panatilihing nakapindot ang gitnang button upang lumabas sa mga opsyon sa power saving.
4. Mag-scroll pabalik sa start view, at simulan ang iyong ehersisyo tulad ng nakasanayan.

 **PAALALA:** Kung naka-on ang timeout ng display, makakakuha ka pa rin ng mga notification sa mobile, maging ng mga alerto sa pamamagitan ng tunog at pag-vibrate. Hindi ipinapakita ang iba pang visual aid tulad ng autopause na pop-up.

### 3.28. Tagal ng pag-recover

Ang tagal ng pag-recover ay isang tinantiyang oras kung gaano katagal kailangang makabawi ng iyong katawan pagkatapos ng pagsasanay. Ang oras ay batay sa tagal at intensity ng pagsasanay, pati na rin sa iyong pangkalahatang kapaguran.

Ang tagal ng pag-recover ay kinukuha mula sa lahat ng uri ng ehersisyo. Sa madaling salita, nadadagdagan ang pangangailangan mong mag-recover sa matatagal, low intensity na sesyon ng pagsasanay pati na rin sa high intensity.

Ang oras ay pinagsasama-sama mula sa lahat ng sesyon ng pagsasanay, kaya kung magsasanay kang muli bago matapos ang oras, ang bagong oras na naipon ay isasama sa nalalabing oras mula sa iyong nakaraang sesyon ng pagsasanay.

Para matingnan ang oras ng iyong pag-recover, mag-swipe hanggang sa makita mo ang display ng insight sa pagsasanay at mag-tap sa screen.




Dahil isang pagtatantya lang ang oras ng pag-recover, pare-pareho ang pag-count down ng mga naipong oras anuman ang iyong fitness level o iba pang indibidwal na bagay. Kung napaka-fit mo na, maaaring mas mabilis ang iyong pag-recover kaysa sa pagtatantiya. Sa kabilang panig, kung may trangkaso ka, halimbawa, maaaring mas mabagal ang iyong pag-recover kaysa sa pagtatantiya.

### 3.29. Mga Ruta

Magagamit mo ang iyong Suunto Spartan Sport Wrist HR para mag-navigate sa mga ruta. Planuhin ang iyong ruta sa Suunto app at ilipat ito sa relo mo sa susunod na pag-sync.

Para mag-navigate sa isang ruta:

1. Mag-swipe pababa o pindutin ang itaas na button para buksan ang launcher.
2. Mag-scroll sa **Navigation** at i-tap ang icon o pindutin ang gitnang button.




3. Mag-scroll sa **Routes** at pindutin ang gitnang button para buksan ang iyong listahan ng mga ruta.




4. Mag-scroll papunta sa ruta na gusto mong i-navigate at pindutin ang gitnang button.
5. Pindutin ang itaas na button para simulan ang pag-navigate.
6. Muling pindutin ang itaas na button anumang oras para ihinto ang pag-navigate.

I-tap ang screen upang magpalipat-lipat sa pangkalahatang mapa at isang mas detalyadong view.



Sa detalyadong view, mag-zoom in at mag-zoom out sa pamamagitan ng pag-tap sa screen o pananatiling nakapindot sa gitnang button. Ayusin ang antas ng pag-zoom gamit ang pataas at pababang button.



Habang ikaw ay nasa display ng navigation, maaari kang mag-swipe pataas mula sa ibaba ng screen, o pumindot sa pababang button upang magbukas ng isang listahan ng mga shortcut. Ang mga shortcut ay nagbibigay sa iyo ng mabilisang access sa mga pagkilos sa pag-navigate tulad ng pag-save sa kasalukuyan mong lokasyon o pagpili ng iba pang ina-navigate na ruta.


Ang lahat ng sport mode na may GPS ay mayroon ding opsyon para sa pagpili ng ruta. Tingnan ang 3.27.2. *Pag-navigate habang nag-eehersisyo.*

## Gabay sa pag-navigate

Habang nagna-navigate ka sa ruta, tinutulungan ka ng relo na manatili sa tamang daan sa pamamagitan ng pagbibigay sa iyo ng mga karagdagang notification habang binabagtas mo ang ruta.

Halimbawa, kung lalampas ka sa 100 m (330 ft) sa ruta, aabisuhan ka ng relo na wala ka sa tamang ruta, at sasabihin nito sa iyo kapag nakabalik ka na sa tamang ruta.

Kapag narating mo na ang isang waypoint ng POI sa ruta, makakatanggap ka ng popup na nagbibigay ng impormasyon na nagpapakita sa iyo ng distansya at tinantyang time en route (ETE) hanggang sa susunod na waypoint o POI.

 **PAALALA:** Kung binabagtas mo ang isang ruta na nagkukrus sa sarili nito, gaya ng figure-8, at mali ang pagtawid mo sa crossing, ipagpapalagay ng relo na sadya kang pupunta sa ibang direksyon sa ruta. Ipinapakita ng relo ang susunod na waypoint batay sa kasalukuyan at bagong direksyong binabagtas. Kaya, bantayan ang iyong breadcrumb trail para masigurong tama ang dinadaan mo kapag binabagtas ang isang kumplikadong daan.

### 3.29.1. Navigation ng altitude

Kung nagna-navigate ka sa isang rutang may impormasyon sa altitude, maaari ka ring mag-navigate ayon sa pag-akyat at pagbaba gamit ang display ng profile ng altitude. Habang nasa pangunahing display ng navigation (kung saan nakikita mo ang iyong ruta), mag-swipe pakaliwa o pindutin ang gitnang button upang lumipat sa display ng profile ng altitude.

Ipinapakita sa iyo ng display ng profile ng altitude ang sumusunod na impormasyon:

- itaas: ang kasalukuyan mong altitude
- gitna: profile ng altitude na nagpapakita sa kasalukuyan mong posisyon
- ibaba: ang natitira pang pag-akyat o pagbaba (i-tap ang screen upang magpalit ng view)



Kung masyado kang lalayo sa ruta habang gumagamit ng navigation ng altitude, magpapakita ang iyong relo ng isang mensahe na **Off route** (Wala sa ruta) sa display ng profile ng altitude. Kung makikita mo ang mensaheng ito, mag-scroll papunta sa display ng navigation ng ruta upang bumalik bago magpatuloy sa navigation ng altitude.

## 3.30. Turn-by-turn navigation na pinapagana ng Komoot

Kung isa kang Komoot member, puwede kang makakita o magplano ng ruta sa pamamagitan ng Komoot at i-sync ang mga ito sa iyong Suunto Spartan Sport Wrist HR sa pamamagitan ng Suunto app. Karagdagan pa, awtomatikong masi-synchronize sa Komoot ang mga na-record mong ehersisyo sa pamamagitan ng iyong relo.

Kapag gumagamit ng pag-navigate ng ruta sa pamamagitan ng iyong Suunto Spartan Sport Wrist HR kasama ng mga ruta mula sa Komoot, aalertuhan ka ng iyong relo sa pamamagitan ng tunog kapag oras nang lumiko.

Para gamitin turn-by-turn na pag-navigate na pinapagana ng Komoot:

1. Magrehistro sa Komoot.com
2. Sa Suunto app, piliin ang mga partner na serbisyo.
3. Piliin ang Komoot at kumonekta sa pamamagitan ng mga parehong kredensyal na ginamit mo sa pagrehistro sa Komoot.

Awtomatikong magsi-synchronize sa Suunto app ang lahat ng pinili o pinlano mong ruta (tinatawag na “tours” sa Komoot) sa Komoot, na madali mo na lang maililipat sa iyong relo pagkatapos nito.

Sundin ang mga instruksyon sa seksyong 3.29. *Mga Ruta* at piliin ang iyong ruta mula sa Komoot para makakuha ng mga alerto sa bawat pagliko.

Para sa higit pang impormasyon tungkol sa partnership sa pagitan ng Suunto at Komoot, pakitingnan ang <http://www.suunto.com/komoot>

 **PAALALA:** *Kasalukuyang hindi available ang Komoot sa China.*


### 3.31. Pag-track sa pagtulog

Mahalaga ang magandang tulog sa gabi sa isang malusog na isip at katawan. Maaari mong gamitin ang iyong relo upang i-track ang iyong pagtulog at sundan kung ilang oras ng tulog ang nakukuha mo sa average.

Kapag sinusuot mo ang iyong relo sa higaan, tina-track ng Suunto Spartan Sport Wrist HR ang iyong pagtulog batay sa accelerometer data.


Para i-track ang pagtulog:

1. Pumunta sa mga setting ng iyong relo, mag-scroll papunta sa **SLEEP** at pindutin ang middle button.
2. Mag-toogle sa **SLEEP TRACKING**



3. Itakda ang mga oras ng pagtulog at paggising ayon sa normal na iskedyul ng iyong pagtulog.

Tinutukoy ng huling hakbang ang oras ng iyong pagtulog. Ginagamit ng relo ang panahong iyon para alamin kung kailan ka natutulog (sa oras ng iyong pagtulog) at kailan mo inuulat ang lahat ng pagtulog bilang iisang sesyon. Kung babangon ka para uminon ng tubig sa gabi, halimbawa, iniuulat pa rin ng relo ang anumang pagtulog pagkatapos niyon bilang iisang sesyon.


 **PAALALA:** *Kung matutulog ka bago ang oras ng iyong pagtulog at gigising din pagkatapos ng oras ng iyong pagtulog, hindi bibilangin iyon ng iyong relo bilang isang sesyon ng pagtulog. Dapat na itatakda mo ang oras ng iyong pagtulog ayon sa posibleng pinakamaagang oras ng pagtulog mo at ang pinakahuling oras ng iyong paggising.*

Kapag nai-enable mo na ang pag-track sa pagtulog, maaari mo ring itakda ang iyong target sa pagtulog. Kailangan ng isang karaniwang adult ang 7 hanggang 9 na oras ng tulog sa isang araw, bagaman maaaring iba-iba ang ideal na oras ng tulog sa mga karaniwan.

### Mga trend ng pagtulog

Pagkagising mo, buod ng iyong tulog ang bubungad sa iyo. Kasama sa buod ang, halimbawa, ang kabuuang tagal ng iyong tulog, pati na rin ang tinantyang oras na gising ka (gumagalaw-galaw) at ang oras na nasa malalim kang pagtulog (walang paggalaw).

Karagdagan pa sa buod ng pagtulog, maaari mong sundan ang pangkalahatan mong trend sa pagtulog sa pamamagitan ng insight sa pagtulog. Mula sa watch face, pindutin ang lower right button hanggang sa makita mo ang display ng **SLEEP**. Ipinakikita ng mga unang view ang huli mong pagtulog kumpara sa iyong target sa pagtulog.





Habang nasa display ng pagtulog, maaari kang mag-swipe pakaliwa para makita ang average na pagtulog sa nakaraang pitong araw. Mag-swipe pataas para makita mo ang aktwal na mga oras ng iyong pagtulog sa loob ng nakaraang pitong araw.

Habang nasa display ng average ng pagtulog, maaari kang mag-swipe pakaliwa para makakita ng graph sa itaas ng average ng iyong mga HR value sa loob ng nakaraang pitong araw.



Mag-swipe pataas para makita ang aktwal na mga HR value para sa nakaraang pitong araw.

 **PAALALA:** Mula sa display ng **SLEEP**, maaari mong pindutin nang matagal ang middle button para i-access ang mga setting sa pag-track sa pagtulog.

 **PAALALA:** Batay lang sa paggalaw ang lahat ng mga pagsukat sa pagtulog, kaya mga pagtatantya ang mga ito na maaaring hindi sumasalamain ng aktwal mong mga kaugalian sa patulog.

## Pagsukat sa heart rate habang natutulog

Kapag isinuot mo ang relo sa gabi, maaari kang makakuha ng karagdagang feedback sa iyong heart rate habang natutulog. Para mapanatiling naka-on ang optical heart rate sa gabi, siguruhing naka-enable ang Pang-araw-araw na HR (tingnan ang 3.1.2. *Pang-araw-araw na HR*).

## Awtomatikong Do Not Disturb mode

Maaari mong gamitin ang awtomatikong setting ng Do Not Disturb para awtomatikong i-enable ang Do Not Disturb mode habang natutulog ka.

## 3.32. Mga sport mode

Ang iyong relo ay mayroong malawak na hanay ng paunang tinukoy na mga sport mode. Dinisenyo ang mga mode para sa mga partikular na aktibidad at layunin, mula sa isang karaniwang paglakad sa labas hanggang sa isang triathlon na karera.

Kapag nag-record ka ng ehersisyo (tingnan ang 3.27. *Pag-record ng isang ehersisyopuwede* kang mag-scroll pataas at pababa para makita ang maikling listahan ng mga sport mode. I-tap ang icon sa dulo ng maikling listahan upang tingnan ang kumpletong listahan at tingnan ang lahat ng sport mode.





Ang bawat sport mode ay may natatanging hanay ng mga display at view. Puwede mong i-edit at i-customize ang impormasyong ipinapakita sa screen sa Suunto app. Puwede mo ring paikliin ang listahan ng mga sport mode sa iyong relo o magdagdag ng bagong mode.

### 3.32.1. Paglangoy

Maaari mong gamitin ang iyong Suunto Spartan Sport Wrist HR para sa paglalangoy sa mga pool o sa openwater.

Kapag gumagamit ka ng sport mode na paglalangoy sa pool, pinagbabasehan ng relo ang haba ng pool upang malaman ang distansya. Maaari mong baguhin ang haba ng pool, kung kailangan, sa ilalim ng mga opsyon sa sport mode bago mo simulan ang paglangoy.

Dumede depende ang paglangoy sa openwater sa GPS upang kalkulahin ang distansya. Dahil hindi tumatagos ang GPS signal sa ilalim ng tubig, kailangang iahon ang relo sa tubig paminsan-minsan, gaya ng sa freestyle stroke, upang makakuha ng GPS fix.

Mahirap ang mga kundisyong ito para sa GPS, kaya mahalaga na may malakas kang signal ng GPS bago ka lumusong sa tubig. Upang matiyak na may mahusay kang GPS, dapat na:

- I-sync ang iyong relo sa SuuntoLink bago ka lumangoy upang ma-optimize ang iyong GPS sa pamamagitan ng pinakabagong satellite orbit data.
- Pagkapili mo ng sport mode na paglangoy sa openwater at nakakuha na ng GPS signal, maghintay ng kahit tatlong minuto bago magsimula sa paglangoy. Magbibigay ito ng panahon sa GPS na makakuha ng magandang pagpoposisyon.

## 3.33. Mga alarma sa pagsikat at paglubog ng araw

Ang mga alarma sa pagsikat/paglubog ng araw na nasa Suunto Spartan Sport Wrist HR mo ay mga naibabagay na alarmang nakabatay sa lokasyon mo. Sa halip na mag-set ng nakatakdang oras, ise-set mo ang alarma for sa kung gaano kaaga mo nais na maalertuhan bago ang aktuwal na pagsikat o paglubog ng araw.

Natutukoy ang mga oras ng pagsikat at paglubog ng araw gamit ang GPS, kaya umaasa ang relas mo sa GPS data mula sa huling paggamit mo ng GPS.

Para i-set ang mga alarma ng pagsikat/paglubog ng araw:


1. Pindutin ang gitnang button para buksan ang shortcut menu.
2. Mag-scroll pababa sa **ALARMS** at mag-enter sa pamamagitan ng pagpindot sa gitnang button.
3. Mag-scroll sa alarma na nais mong i-set at piliin sa pamamagitan ng pagpindot sa gitnang button.




4. I-set ang mga gustong oras bago ang pagsikat/paglubog ng araw sa pamamagitan ng pag-scroll pataas/pababa gamit ang itaas at ibabang button at pagkumpirma gamit ang gitnang button.
5. I-set ang minuto sa parehong paraan.



6. Pindutin ang gitnang button para kumpirmahin at mag-exit.

 **TIP:** May magagamit din na mukha ng relos na nagpapakita ng mga oras ng pagsikat at paglubog ng araw.



 **PAALALA:** Kailangan ng mga oras ng pagsikat at paglubog ng araw ng GPS fix. Blangko ang mga oras hanggang sa mayroon nang magagamit na GPS data.

## 3.34. Oras at petsa

Itatakda mo ang oras at petsa sa una mong pagbukas ng iyong relo. Pagkatapos nito, gagamitin ng iyong relo ang oras ng GPS upang itama ang anumang pagkakaiba.

Maa-adjust mo nang manu-mano ang oras at petsa sa mga setting sa **GENERAL** (PANGKALAHATAN) » **Time/date** (Oras/petsa) kung saan mo rin mababago ang mga format ng mga ito.

Bilang karagdagan sa pangunahing oras, maaari mong gamitin ang dalawahang oras upang subaybayan ang oras sa ibang lokasyon, halimbawa, kapag nasa biyahe ka. Sa **General** (Pangkalahatan) » **Time/date** (Oras/petsa), i-tap ang **Dual time** (Dalawahang oras) upang itakda ang time zone sa pamamagitan ng pagpili ng isang lokasyon.

### 3.34.1. Alarm clock

Mayroong alarm clock ang iyong relo na maaaring tumunog nang minsan o umulit sa partikular na mga araw. I-activate ang alarma mula sa mga setting sa ilalim ng **Alarm (Alarm)** » **Alarm clock(Alarm clock)**.

Bukod sa mga karaniwang nakatakdang alarma, makakakita ka ng naiaayon na uri ng alarma batay sa data ng pagsikat at paglubog ng araw. Tingnan ang 3.33. *Mga alarma sa pagsikat at paglubog ng araw.*


Para mag-set ng nakatakdang oras ng alarma:

1. Mula sa mukha ng relos, pindutin ang gitnang button para buksan ang shortcuts menu at mag-scroll papuntang **Alarms(Alarm)**.
2. Una, piliin mo kung gaano kadalas ang gusto mong pagtunog ng alarm. Ang mga opsyon ay:

**Once (Minsan):** tutunog ang alarma nang minsan sa susunod na 24 oras sa naka-set na oras **Weekdays (Weeklight):** tutunog ang alarma sa parehong oras mula Lunes hanggang Biyernes **Daily (Araw-araw):** tutunog ang alarma sa parehong oras bawat araw ng linggo



3. Itakda ang oras at ang mga minuto at pagkatapos ay lumabas mula sa mga setting.




Kapag tumunog ang alarm, maaari mo itong i-dismiss upang tapusin ang alarm, o maaari mong piliin ang opsyon na snooze. 10 minuto ang tagal ng pag-snooze at maaaring umulit nang hanggang 10 beses.



Kung hahayaan mo ang alarm sa patuloy na pagtunog, awtomatiko itong mag-i-snooze pagkatapos ng 30 segundo.

### 3.35. Mga Timer

May kasamang stopwatch at countdown timer ang relos mo para sa basic na pagsukat ng oras. Mula sa mukha ng relos, buksan ang launcher at mag-scroll pataas hanggang sa makita mo ang timer icon. I-tap ang icon o pindutin ang middle button upang buksan ang display ng timer.




Sa unang pagpasok mo sa display, ipapakita nito ang stopwatch. Pagkatapos noon, naaalala nito kung ano ang huli mong ginamit, stopwatch o countdown timer.


Mag-swipe pataas o pindutin ang lower button upang buksan ang **SET TIMER (I-SET ANG TIMER)** na menu ng mga shortcut kung saan maaari mong baguhin ang mga setting ng timer.

### Stopwatch

Simulan ang stopwatch sa pamamagitan ng pagpindot sa gitnang button.



Ihinto ang stopwatch sa pamamagitan ng pagpindot sa gitnang button. Maaari kang magpatuloy sa pamamagitan ng pagpindot muli sa gitnang button. Mag-reset sa pamamagitan ng pagpindot sa ibabang button.



Lumabas sa timer sa pamamagitan ng pag-swipe sa kanan o ng pagpindot nang matagal sa middle button.

## Countdown timer

Sa display ng timer, mag-swipe pataas o pindutin ang lower button upang buksan ang menu ng mga shortcut. Mula roon, makapipili ka ng naka-predefine na oras ng countdown o lumikha ng custom na oras ng countdown.



Tumigil at mag-reset kung kinakailangan gamit ang middle at lower button.

Lumabas sa timer sa pamamagitan ng pag-swipe sa kanan o pananatiling pagpindot sa middle button.

## 3.36. Mga tunog at vibration

Ginagamit ang mga alerto na tunog at vibration para sa mga notification, alarma at iba pang mga mahalagang kaganapan at pagkilos. Maaaring i-adjust ang mga ito sa mga setting sa ilalim ng **General » Tones**.

Sa ilalim ng **General » Tones at Vibration**, maaari kang pumili sa mga sumusunod na opsyon:

- **All on:** magti-trigger ng alerto ang lahat ng event
- **All off:** walang event ang magti-trigger ng mga alerto
- **Buttons off:** magti-trigger ng mga alerto ang lahat ng event maliban sa pagpindot sa mga button


Sa ilalim ng **Alarms**, maaari kang pumili sa mga sumusunod na opsyon:

- **Vibration:** alertong vibration
- **Tones:** alertong tunog
- **Both:** alertong vibration at tunog


### 3.37. Pangkalahatang-ideya sa pagsasanay

Ang iyong relo ay may pangkalahatang-ideya sa mga kabuuan ng iyong aktibidad.


Mag-swipe pataas o pindutin ang lower button para mag-scroll sa view ng pananaw sa pagsasanay.



Mag-swipe pakanan o pindutin ang middle button nang dalawang beses para makakita ng graph na nagpapakita ng lahat ng iyong mga aktibidad sa loob ng nakaraang 3 buwan at ng average na tagal. I-tap ang screen para magpalipat-lipat sa iba't ibang aktibidad na nagawamo sa nakaraang 3 buwan.



Mag-swipe pataas o pindutin ang lower right button para makita ang isang buod ng iyong kasalukuyang linggo. Kasama sa buod ang tagal at mga calorie. Kapag nag-swipe ka pataas habang nakapili ang isang partikular na aktibidad, ipapakita nito sa iyo ang mga detalye ng aktibidad.




### 3.38. Mga mukha ng relo


Suunto Spartan Sport Wrist HR may kasamang ilang mapagpipiliang mukha ng rellos, kapwa mga istilong digital at analog.

Upang palitan ang mukha ng relo:

1. Mula sa kasalukuyang mukha ng rellos, panatiliing nakapindot ang gitnang button para buksan ang menu ng mga shortcut.
2. Mag-scroll papunta sa **Watch face (Mukha ng rellos)** at i-tap o pindutin ang gitnang button para mag-enter.



2. Mag-swipe pataas at pababa para mag-scroll sa mga preview ng mukha ng rellos at mag-tap sa gusto mong gamitin.
3. Mag-swipe pataas at pababa para mag-scroll sa mga opsyon sa kulay at i-tap ang gusto mong gamitin.



May karagdagang impormasyon sa bawat watch face, gaya ng petsa o dalawahang oras. I-tap ang display upang magpalit-palit sa pagitan ng mga view.

## 4. Pag-iingat at suporta

### 4.1. Mga gabay sa pangangalaga


Ingatan ang relo – huwag ito ibabangga o ibabagsak.

Sa karaniwang mga sitwasyon, hindi kakailanganing ayusin ang relo. Palaging banlawan ito gamit ang malinis na tubig, banayad na sabon, at dahan-dahang linisin ang kaha gamit ang mamasa-masa at malambot na tela o chamois.


Gumamit lamang ng mga orihinal na aksesorya ng Suunto - ang pinsalang sanhi ng mga hindi orihinal na aksesorya ay hindi sagot ng warranty.

### 4.2. Baterya

Ang itatagal ng baterya sa isang pag-charge ay depende sa kung paano mo ginagamit ang relo at sa kung anong mga kundisyon. Ang mabababang temperatura, halimbawa, ay nakakabawas sa itatagal ng isang pag-charge. Sa pangkalahatan, ang kakayahan ng mga rechargeable battery ay bumababa habang tumatagal.

 **PAALALA:** Kung sakaling may hindi normal na pagbaba sa kakayahan dahil sa may depektong baterya, sinasagot ng Suunto ang pagpapalit sa baterya sa loob ng isang taon o sa maximum na 300 beses na pagcha-charge, alinman ang mauna.



Kung ang antas ng charge ng baterya ay wala nang 20% at pagkatapos ay 5%, ipapakita ng iyong relo ang icon ng mababang baterya. Kapag napakababa na ng antas ng charge ng baterya, mapupunta sa low power mode ang iyong relo at magpapakita ng charge icon.



Gamitin ang kasamang USB cable para i-charge ang iyong relo. Kapag medyo mataas na ang antas ng baterya, gigising ang relo mula sa lower power mode.

### 4.3. Pagtatapon

Mangyaring itapon ang aparato sa naaangkop na paraan, na itinuturing ito bilang basurang elektroniko. Huwag itong ihahagis sa basurahan. Kung gusto mo, maaari mong ibalik ang device sa dealer ng Suunto na pinakamalapit sa iyo.



## 5. Reperensya

### 5.1. Mga teknikal na detalye

#### Pangkalahatan

- Temperatura sa pagpapagana: -20° C hanggang +60° C/-5° F hanggang +140° F
- Temperatura sa pag-charge ng baterya: 0° C hanggang +35° C/+32° F hanggang +95° F
- Temperatura ng paglalagyan: -30° C hanggang +60° C/-22° F hanggang +140° F
- Tatag sa tubig: 100 m/328 ft
- Baterya: rechargeable lithium-ion battery
- Buhay ng baterya: 10-40 oras na may GPS, depende sa mga kondisyon

#### Optical sensor

- Optical na heart rate mula sa Velencell

#### Radio transceiver

- Akma sa Bluetooth® Smart
- Frequency ng komunikasyon: 2402-2480 MHz
- Maximum na transmission power: <4 dBm
- Nasasaklaw: ~3 m/9.8 ft

#### Compass

- Resolution: 1 degree/18 mils

#### GPS

- Teknolohiya: SiRF star V
- Resolution: 1 m/3 ft
- Frequency band: 1575.42 MHz

#### Manufacturer

Suunto Oy

Tammiston kauppatie 7 A

FI-01510 Vantaa

FINLAND

#### Petsa ng pag-manufacture

Maaaring malaman ang petsa ng pag-manufacture sa serial number ng iyong device. Ang serial number ay palaging 12 character ang haba: YYWWXXXXXXXXXX.

Sa serial number, ang unang dalawang digit (YY) ay ang taon at ang sumusunod na dalawang digit (WW) ay ang linggo ng taon kung kailan ginawa ang device.



## 5.2. Pagsunod

### 5.2.1. CE

Sa pamamagitan nito, idinedeklara ng Suunto Oy, na ang uri ng radio equipment na OW161 ay sumusunod sa Directive 2014/53/EU. Ang buong teksto ng Pagpapahayag ng pagsunod sa EU ay available sa sumusunod na internet address: [www.suunto.com/EUconformity](http://www.suunto.com/EUconformity).



### 5.2.2. Pagsunod sa FCC

Ang device na ito ay sumusunod sa Part 15 ng mga Panuntunan ng FCC. Ang pagpapagana ay maaaring mapailalim sa sumusunod na dalawang kondisyon:

- (1) ang device na ito ay maaaring hindi magdulot ng nakapipinsalang interference, at
- (2) ang device na ito ay dapat tumanggap ng anumang dumadating na interference, kasama ang interference na maaaring magdulot ng hindi gustong paggana. Ang produktong ito ay nasubok nang sumusunod sa mga pamantayan ng FCC at itinakda para gamitin sa tahanan o opisina.

Ang mga pagpapalit o pagbabago na hindi hayagang naaprubahan ng Suunto ay maaaring magpawalang-bisa sa iyong awtoridad na paganahin ang device na ito sa ilalim ng mga regulasyon ng FCC.

**PAALALA:** Ang kagamitang ito ay nasubukan at napatunayan nang sumusunod sa mga limitasyon para sa Class B na digital device, alinsunod sa Part 15 ng Mga Panuntunan ng FCC. Idinisenyo ang mga limitasyong ito upang maglaan ng makatwirang proteksyon laban sa nakapipinsalang interference sa pagkakabit sa tahanan. Ang kagamitang ito ay bumubuo, gumagamit at maaaring maglabas ng radio frequency energy at, kung hindi ikinabit at ginamit nang naaayon sa mga tagubilin, maaari itong magdulot ng mapanganib na interference sa mga komunikasyon ng radyo. Gayunpaman, walang garantiya na hindi mangyayari ang interference sa isang partikular na pagkakabit. Kung magdudulot ng nakapipinsalang interference ang kagamitang ito sa pagsagap ng radyo o telebisyon, na maaaring malaman sa pamamagitan ng pag-o-off at pag-o-on sa kagamitan, hinihimok ang gumagamit na subukang itama ang interference sa pamamagitan ng pagsasagawa ng isa o higit pa sa mga sumusunod na hakbang:

- Muling ayusin ang direksyon o posisyon ng antena.
- Mas ilayo pa ang kagamitan mula sa receiver.
- Isaksak ang kagamitan at receiver sa mga outlet sa magkaibang circuit.
- Kumonsulta sa dealer o isang bihasang technician ng radio/TV para sa tulong.

### 5.2.3. IC

Ang device na ito ay sumusunod sa (mga) pamantayang license-exempt RSS ng Industry Canada. Ang paggamit ay sasailalim sa sumusunod na dalawang kondisyon:

- (1) ang device na ito ay hindi maaaring magdulot ng interference, at

(2) ang device ito ay dapat tumanggap ng anumang interference, pati na ang interference na maaaring magdulot ng hindi nais na operasyon ng device.

#### 5.2.4. NOM-121-SCT1-2009

The operation of this equipment is subject to the following two conditions: (1) it is possible that this equipment or device may not cause harmful interference, and (2) this equipment or device must accept any interference, including interference that may cause undesired operation of the equipment or device.

### 5.3. Ang tatak-pangkalakal

Suunto Spartan Sport Wrist HR, mga logo nito, at iba pang tatak-pangkalakal ng Suunto at mga inimbentong pangalan ay mga nakarehistro o hindi nakarehistrong tatak-pangkalakal ng Suunto Oy. Lahat ng karapatan ay nakareserba.

### 5.4. Abiso sa patent

Ang produktong ito ay pinoprotektahan ng patent, mga nakabinbing aplikasyon sa patent, at kaukulang pambansang karapatan ng mga ito: FI 20155573, US 7,324,002, US 7,271,774, US 13/794,468, US 13/833,755, US 13/827,418, US 14/195,670, US 14/331,268, US 14/839,928, US 14/882,487.

May mga naisumite nang karagdagang aplikasyon sa patent.

Ang Valencell na optical sensor para sa bilis ng pagtibok ng puso na ginagamit sa produktong ito ay pinoprotektahan ng patent, mga nakabinbing aplikasyon sa patent, at kaukulang pambansang karapatan ng mga ito. Para sa higit pang impormasyon, pakibisita ang [valencell.com/patents/](http://valencell.com/patents/).

### 5.5. International Limited Warranty

Tinitiyak ng Suunto na sa Panahong Saklaw ng Warranty ay aayusin ng Suunto o ng isang Awtorisadong Service Center ng Suunto (mula dito ay tatawaging Service Center), ayon sa sarili nitong kapasiyahan, ang mga depekto sa materyales o pagkakagawa nang walang bayad sa pamamagitan ng alinman sa a) pagkukumpuni, o b) pagpapalit, o c) pagsasauli ng bayad, alinsunod sa mga tuntunin at kondisyon ng International Limited Warranty na ito. Ang International Limited Warranty na ito ay may-bisa at maipapatupad saanmang bansa binili ang produkto. Hindi naaapektuhan ng International Limited Warranty na ito ang iyong mga legal na karapatan, na ipinagkakaloob sa ilalim ng iniaatas na batas ng bansa sa pagbebenta ng mga produktong pang-consumer.

### Panahong Saklaw ng Warranty

Ang Panahong Saklaw ng International Limited Warranty ay nagsisimula sa petsa ng orihinal na retail na pagbili.

Ang Panahong Saklaw ng Warranty ay dalawang (2) taon para sa Mga Relo, Smart Watch, Dive Computer, Heart Rate Transmitter, Dive Transmitter, Dive Mechanical Instrument, at Mechanical Precision Instrument maliban kung iba ang nakasaad.

Ang Panahong Saklaw ng Warranty ay isang (1) taon para sa mga aksesorya kasama ang, ngunit hindi limitado sa, mga Suunto chest strap, watch strap, charger, cable, nare-recharge na baterya, bracelet at hose.

Ang saklaw ng garantiya ay limang (5) taon para sa mga pagkasira na may kaugnayan sa pagsukat sa kalaliman (presyur) na sensor sa Suunto Dive na mga kompyuter.

## Mga Hindi Kabilang at Limitasyon

Hindi sinasaklaw ng International Limited Warranty na ito ang:

1. a. normal na pagkasira gaya ng mga gasgas, pilas, o pag-iiba ng kulay at/o ng materyal ng mga strap na hindi metallic, b) mga depektong mula sa di-maingat na paggamit, o c) mga depektong mula sa taliwas na o nirerekomandang paggamit, maling pag-iingat, pagpapabaya, at mga aksidenteng tulad ng pagkabagsak o pagkadurog;
2. mga naka-print na sanggunian at packaging;
3. mga depekto o di-umanong depektong dulot ng paggamit kasama ng ibang produkto, aksesorya, software at/o serbisyo na hindi gawa o hindi galing sa Suunto;
4. mga bateryang hindi nare-recharge.

Hindi ginagarantiyahan ng Suunto na ang paggana ng Produkto ay hindi maaantala o walang pagkakamali, o na gagana ang Produkto o aksesorya kasama ng anumang hardware o software na nagmumula sa isang ikatlong partido.

Ang International Limited Warranty na ito ay hindi maipapatupad kapag ang Produkto o aksesorya ay:

1. nabuksan nang lampas sa itinakdang paggamit;
2. nakumpuni gamit ang mga di-awtorisadong parte; binago o kinumpuni ng di-awtorisadong Service Center;
3. natanggal, binago o ginawang hindi na mababasa sa anumang paraan ang serial number, at ibabatay ito sa sa tanging pagpapasya ng Suunto; o
4. nababad sa mga kemikal kabilang ngunit hindi limitado sa sunscreen at mga panlaban sa lamok.

## Paggamit sa serbisyo ng Suunto warranty

Dapat ay magbigay ka ng katibayan ng pagbili para magamit mo ang serbisyo sa warranty ng Suunto. Dapat mo ring irehistro ang iyong produkto online sa [www.suunto.com/register](http://www.suunto.com/register) upang makatanggap ng mga serbisyo ng international na warranty sa buong mundo. Para sa mga tagubilin kung paano kumuha ng serbisyo sa warranty, bumisita sa [www.suunto.com/warranty](http://www.suunto.com/warranty), makipag-ugnayan sa iyong lokal na retrailer ng Suunto, o tumawag sa Suunto Contact Center.

## Limitasyon ng Pananagutan

Hanggang sa sukdulang pinahihintulutan ng naaangkop na ipinapatupad na batas, ang International Limited Warranty na ito ay ang iyong natatangi at eksklusibong remedyo at papalitan nito ang lahat ng iba pang warranty, ipinabatid man o ipinahiwatig. Hindi mananagot ang Suunto para sa espesyal, incidental, pagpaparusa o mga kanahihinatnang sira, kabilang ngunit hindi limitado sa pagkawala ng mga inaasahang benepisyo, pagkawala ng mga data, pagkawala ng gamit, halaga ng kapital, halaga ng anumang pamalit na kagamitan o mga pasilidad, mga paghahabol sa ikatlong partido, pinsala sa ari-arian na nagmumula sa pagbili o paggamit sa device o nagmumula sa paglabag sa warranty, paglabag sa kontrata, pagpapabaya, masamang gawain, o anumang legal o nagagamit na teorya, kahit pa alam ng Suunto ang posibilidad ng mga nabanggit na sira. Ang Suunto ay hindi mananagot sa pagkaantala sa pagbibigay ng serbisyo ng warranty.

## 5.6. Copyright

© Suunto Oy 3/2016. Nakalaan ang lahat ng karapatan. Ang Suunto, mga pangalan ng produkto ng Suunto, logo ng mga ito, at iba pang trademark at pangalan ng brand na Suunto ay mga rehistrado at hindi rehistradong trademark ng Suunto Oy. Ang dokumentong ito at ang mga nilalaman nito ay pag-aari ng Suunto Oy, at para lang sa paggamit ng mga kliyente upang makakuha ng kaalaman at impormasyon tungkol sa paggana ng mga produkto ng Suunto. Ang mga nilalaman nito ay hindi dapat gamitin o ipamahagi para sa iba pang layunin, at/o ipaalam, ibunyag, o kopyahin nang walang paunang nakasulat na pahintulot mula sa Suunto Oy. Bagama't ginawa namin ang lahat upang matiyak na detalyado at tumpak ang nilalaman ng dokumentasyong ito, hindi namin ginagarantiya, ipinahayag man o ipinabatid, ang katumpakan nito. Maaaring baguhin ang nilalaman ng dokumentong ito anumang oras nang walang abiso. Mada-download ang pinakabagong bersyon ng dokumentasyong ito sa [www.suunto.com](http://www.suunto.com).






# SUUNTO CUSTOMER SUPPORT

[www.suunto.com/support](http://www.suunto.com/support)

[www.suunto.com/register](http://www.suunto.com/register)

**Manufacturer:**

Suunto Oy  
Tammiston kauppatie 7 A,  
FI-01510 Vantaa FINLAND



© Suunto Oy 03/2021

Suunto is a registered trademark of Suunto Oy. All Rights reserved.